

Aswang ni Rizal

Rizal's Aswang

Allan N. Derain

Ateneo de Manila University

aderain@ateneo.edu

Abstrak

Gamit ang konsepto ng *pharmakon* bilang lente, ang sanaysay ay naglalatag ng pagbasa sa “La curacion de los hechizados” ni Jose Rizal at sa mga larawang guhit na katambal ng nasabing artikulo. Iniaalok ang ganitong pagbasa sa lunas na ipinapayo ni Rizal upang mapagkawing ang pagsasangang-diwa ng nasabing lunas bilang lason, sulatin, at sakripisyo. Sa ganitong pagkakawing, nilalayan ng sanaysay na maitampok ang aswang at “pangangaswang” ni Rizal sa kaniyang mahiwagang paksa, at sa ganito’y makapaglatag ng isang diskursong kumikilala sa folkloré bilang bahagi ng madulas at mailap na identipikasyon ng mga Filipino, na pinangangasiwaan subalit sinusupil din sa isang banda, ng medisina, simbahan, at kolonyal na pamahalaan.

Through the concept of the pharmakon as a lens, this essay offers a reading on Jose Rizal's “La curacion de los hechizados” and the illustrations accompanying the said article. This reading is offered to the cure advised by Rizal as to constellate the dissemination of such cure as poison, writing, and sacrifice. In doing such constellation, the essay aims to foreground the aswang and Rizal's “pangangaswang” on his mysterious subject, and this way, opens a discourse that recognizes the folkloré as a part of the slippery and elusive identification of the Filipinos, who were governed and also suppressed by medicine, the church, and the colonial rule.

Mga Susing-salita

aswang, brujo, curacion, hechicero, komiks, Rizal, pangangaswang, *pharmakon*, manggagaway, mangkukulam, *sagaz curandero*

aswang, brujo, curacion, hechicero, comics, Rizal, pangangaswang, *pharmakon*, manggagaway, mangkukulam, *sagaz curandero*

Tungkol sa May-akda

Si Allan N. Derain ay awtor ng *Iskrabuk, The Next Great Tagalog Novel at Iba pang Kuwento, Aswanglaut, Pangontra*, at *Banal na Aklat ng mga Kumag* na nagwagi ng National Book Award, Carlos Palanca Memorial Award Grand Prize, at The Reader's Choice Award. Editor ng antolohiyang *May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong* na nagwagi ng National Book Award at Gintong Aklat Award. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga kursong Creative Writing, Art Appreciation, at Panitikang Filipino sa Pamantasang

Ateneo de Manila. Kasalukuyan din siyang naglilingkod sa Pamantasan bilang direktor ng AILAP (Ateneo Institute of Literary Arts and Practices).

NOBYEMBRE 1895—huling taon ni Rizal sa Dapitan bilang distiyero nang isulat niya ang artikulong “La curacion de los hechizados” (Lunas sa mga kinukulam) na tugon sa hiling ng kaibigang inspektor heneral pangkalusugan na si Dr. Benito Francia. Sa kabila ng mga karamdaman at epidemyang maaaring naging laganap sa kapuluan nang panahong iyon, nakamamanghang pinili pa ng isang kagawad pangkalusugan na magtanong kay Rizal tungkol sa kulam. Higit namang nakamamangha ang pagbibigay panahon ni Rizal sa pagtugon, sa halip na isantabi ang tanong at ituring itong kabulastugan, na kung tutuosin ay napakadaling gawin ng isang gaya ni Rizal na abala sa napakaraming “mas mahahalaga at seryosong bagay.” Ayon kay Rafael Palma na tagasulat ng kaniyang talambuhay, isiningit ni Rizal ang pagsusulat sa artikulong ito mula sa pag-aaral niya sa wikang Malay at pagsusulat ng isang inihahandang gramatika sa wikang Tagalog (246). Sabihin pang bahagi ng “miscellaneous writings” ni Rizal ang “La curacion,” ngunit bilang dokumentong historikal at kultural, isa itong sulating naghahawan ng landas tungo sa pag-aaral sa medisina at sikolohiya sa bansa, bukod pa sa pagiging etnograpiikal na tala sa mga pananiwala at kaalamang bayan tungkol sa kulam.¹

Marahil bilang pantulong at dagdag atraksiyon sa kaniyang isinulat, sinusugan pa ito ni Rizal ng sariling mga ilustrasyong binubuo ng apat na panel (pero posible rin namang ang mga guhit na ito ang nauna sa artikulo). Bagamat isinulat sa wikang Tagalog ang mga salitaan sa loob ng panel na parang sa komiks, tila nakatago pa rin, lalo na sa kontemporaryong mambabasa, ang talagang nais sabihin ni Rizal sa mga larawang ito.² Isang pinagmumulan ng kalituhan ang hindi malinaw na daloy ng apat na panel, kung ang mga ito ba ay dapat basahin nang pahalang o pababa.


Bukod pa ryan, bagamat nalalapit sa anyo ng komiks ang mga ilustrasyon dahil sa paglalagay ng mga diyologo sa loob at sa pagkakahati’t pagkakahon sa mga larawan sa loob ng panel, posibleng hindi ito ibinalangkas ni Rizal para mabasa na parang komiks. Posibleng hindi kailangang basahin o hindi talaga binabasa ang mga ito bilang bahagi ng isang serye dahil humihingi ang mga panel ng ibang daloy ng pag-intindi, at kung ganoon, mali na tawagin itong komiks, pero paano kung protokomiks?

Bagamat may mga inilalarawang tagpo, tila walang mahigpit na kapit sa isa’t isa ang mga tagpong ito. Tila walang tuwirang sanhi-bunga o kronolohikal na relasyong makikita kahit pa sa dalawang magkadikit na panel. Kung nag-uugnay nga sa paraang kronolohikal ang mga ito, tila sa kanilang mga pagitan ay may iba pang mga tagpo o sandaling nawawala at kailangang hulaan kung ano ang mga ito, upang matahi sa isang kapani-paniwalang rekonstruksiyon.

Hindi rin naman imposibleng makahanap ng kaisahan sa mga naturang panel. Mapupunang hindi nawawala ang babaeng may mga bertikal na linya ang damit pang-itaas. Bagamat nakalugay ang buhok niya sa unang dalawang panel sa itaas at nakapusod

1 Isinama ang sanaysay bilang bahagi ng aklat na may pamagat na *Jose Rizal, Miscellaneous Writings*, na tinipon ng National Historical Commission of the Philippines. Isinalin ito sa Ingles ni Encarnacion Alzona (2011). Bukod dito, may iba pang salin sa Ingles si Luciano P.R. Santiago, M.D. mula sa artikulo niyang “Rizal and the Beginnings of Philippine Psychiatry” (1965).

2 Bukod sa kaniyang “kulam komiks”, may dalawa pang likhang guhit-kuwento si Rizal: ang “Pagong at Matsing” na nasa kuwaderno ni Paz Pardo de Tavera, asawa ni Juan Luna, at ang “Dalawang Magkapatid na Lalaki” na iniregalo ni Rizal sa kaibigang Aleman na si Frederick Ullmer. Tanging ang “kulam komiks” lang ang isinulat ni Rizal sa wikang Tagalog, marahil upang higit na maging tapat sa etnograpiiko nitong layunin.



Larawan 1. Ang “Kulam Komiks” ni Rizal. Kuha ni Dennis Villegas, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.

naman sa dalawang huling panel sa ibaba, na maaaring nagpapakita sa pinagdaanan niyang pagbabago mula sa normal niyang lagay patungo sa pagiging isinumpa, o pagbabago bunga ng nagdaang oras sa loob ng kuwento, kung ito nga ay isang kuwento.

Sa kabila ng elementong ito na nagtatagni sa apat na panel, maisasaalang-alang pa rin na maaaring ang mga tagpong ipinakikita sa loob ng bawat panel ay mga pira-pirasong paglalarawan na nagbibigay repraksiyon sa mga paniniwala tungkol sa kulam. Alinsunod sa ganitong pagbasa ang pagtingin sa apat na panel bilang pagbabalangkas ni Rizal sa sirkular na pagpapatibay sa realidad ng kulam. Sa kaniyang artikulo, ipinaliliwanag ni Rizal ang tungkol sa ibang uri ng kulam na posibleng nangyayari lamang sa isip. Nalilikha ang impresyon, ayon sa kaniya, “sa sandaling ang isang babaeng nagdedeliryo sa lagnat, histerikal, at sinusumpong ng hipokondriya, na may nakaraang pakikipag-away sa isang pinaghihinalaang manggagaway, ay paghinalaan ng lahat na kinukulam. Pagtitibayin ng albularyo ang hinala, at ikakalat naman ng babaeng kapitbahay ang balita: mabubunyang ang sakit” (*Una mujer padece de fiebre, delira, tiene ataques histéricos, o está hipocondríaca; si algún tiempo antes tuvo un altercado, un disgusto, una rivalidad con una de las señaladas por el dedo como manggagaway todos sospecharán el hechizo el curandero sancionará la sospecha: la enfermedad está conocida*) (Rizal [1961] 350, sariling salin).

Mahirap pagsunod-sunurin ang mga kaganapang binanggit ni Rizal dahil bukod sa sirkular, posible ring magkakasuson o magkakasabay ang mga itong nagaganap. Ang maaaring gawin sa halip ay isa-isahin (nang walang partikular na pagkakasunod-sunod) ang mga importanteng elementong bumubuo sa inilarawang penomenon at tingnan ang bawat panel bilang mga biswal nitong katumbas. Una, may albularyong nagpapatibay sa realidad ng kulam. Ito ang nagsasabi sa babaeng pasyente na kulam nga ang sanhi ng karamdamang iniinda nito. Ito marahil ang binibigyang representasyon ng unang panel sa itaas, gawing kaliwa. Ikalawa, may babaeng kapitbahay na nagkakalat ng balita. Ito naman marahil ang sinasabi ng ikalawang panel sa itaas, gawing kanan. Ikatlo, may nakaalitang manggagaway ang pasyenteng babae. Ito ang nakaraang inaalala ng babae, na siyang laman marahil ng ikatlong panel na makikita sa ilalim, gawing kaliwa. Pang-apat, may babaeng hysterikal na nagdurusa sa hinihinalang sakit. Sa pang-apat at panghuling panel na makikita sa ilalim, gawing kanan, ito marahil ang babaeng nakaupo sa sahig na nagtatanong tungkol sa aswang, na pag-uukilkil marahil sa kaniyang sarili tungkol sa pinapasang karamdaman.

Sa ganitong pagbasa sa mga panel, nagagawa kahit paano ang malinis na paglalapat ng biswal at texto. Ngunit ang ganitong paglalapat ay pagbabalangkas pa lang. Marami pang ugnay (at paghihiwalay) na maaaring makita sa komiks at artikulo kung bubusisiin pa ang bawat panel. Higit sa lahat, maaari pa ring makita kung paanong lumalampas ang signipikasyon ng mga panel na ito sa mga hanggahang ipinapataw rito ng artikulo. Sa isang banda, maaari ding pagtuonan ng pagbasa ang artikulo sa paraang nakalalampas ito sa mga hanggahang ipinapataw naman ng mga larawang guhit.

Kung babalikan ang unang panel sa itaas, gawing kaliwa, bukod sa maaaring tungkol ito sa albularyong nagpapatibay sa mito ng kulam, maiuugnay rin ito sa isa pang bahagi ng artikulo ni Rizal kung saan isinalaysay ang insidente ng pangkukulam na naganap sa bayan ng “B” ng Laguna:

Isang babae ang nakipag-away sa isang manggagaway dahil sa isang supot ng bigas at dalawang pirasong mangga. Nang sumunod na araw, nagkasakit ang nasabing babae at tinubuan ito ng bukol sa tiyan na kasinglaki ng pinag-awayang isang supot ng bigas at dalawang mangga. Agad na hinuli ng mga kaanak ng babae ang manggagaway upang ipabawi dito ang sumpa...

(En un pueblo de Luzón llamado B. de la provincia de la L. se cuenta el caso de una mujer que riñó con una manggagaway con motivo de un envoltorio de arroz y dos mangas. Al día siguiente, la mujer enfermó presentándosele en el vientre un tumor parecido al dichoso envoltorio con las dos mangas en cuestión. Al instante echaron mano de la manggagaway y quisieron obligarla a que curase a la enferma...) (Rizal [1961] 348, sariling salin)

Sa larawang nasa loob ng panel, makikita ang sinasabing paglobo ng tiyan ng babaeng dinapuan ng matinding karamdaman. Dumaraan sa matinding pisikal na paghihirap ang babaeng ito na naipakikita ng kaniyang sinambitlang “Ay inang mamatay aco,” na malamang na tumutukoy nga sa paglaki ng kaniyang tiyan na resulta ng kulam. Kaugnay ito sa panimulang paliwanag ni Rizal ukol sa kulam bilang uri ng sakit na pinaniniwalaang hindi mula sa natural na dahilan gaya ng “hangin, init, lamig, singaw ng lupa, at ni hindi rin galing sa impatso...” (...y cuyo origen no se puede atribuir al aire, al calor, al frío, al vapor de tierra ni siquiera a la indigestión) (Rizal [1961] 348, sariling salin).



Larawan 2. Panel sa itaas, gawing kaliwa. Kuha ni Dennis Villegas, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.

Sa ganitong kondisyon ng isang kinukulam, pangunahing palatandaan ang matinding sakit sa parte ng katawan na pinipili ng mangkukulam ayon sa uri ng parusang nais nitong iparanas. Tiyan ang piniling puntiryahin sa kasong ito dahil pagkain ang puno't dulo ng kanilang naging alitan.

Sa larawan, nakalapad ang mga kamay ng hilot sa maumbok na tiyan ng babaeng nakahiga. Ang hinaing ng babae ay sinagot nito ng “Hilag po cayo matalat at aco man ay bata, acoy bantog na hilot.” Dahil hindi pangkaraniwan ang dumapong karamdaman sa pasyente kayâ kailangang palakasin ng hilot ang loob nito. Tiniyak ng hilot ang tinataglay nitong galing sa pagsasabing isa siyang bantog na hilot sa kabila ng pagiging bata, na tumutukoy marahil sa edad o sa kakulangan nito sa karanasan sa ganitong di-natural na karamdaman.

Kung itong hilot ang tinawag na “inang” ng babaeng may sakit, at kung itinuturing ng hilot ang sarili na isa ring “bata,” marahil di-hamak ngang mas bata ang babaeng tinubuan ng bukol sa tiyan. Kung halimbawang isang dalagita ang may sakit, higit na magiging di-natural ngayon ang paglaki ng tiyan na nangyari dito, na sa mga babae’y iniuugnay agad sa pagdadalantao. Kulam kaya o di inaasahang pagdadalantao ang totoong nagpaumbok ng tiyan?

Samantala, bilang pagpapatuloy sa paksang kulam, makikita sa kasunod na panel sa itaas, gawing kanan, muli, ang babaeng tauhan. Nakalugay pa rin ang buhok gaya ng makikita sa nakaraang panel ngunit sa pagkakataong ito’y inirereklamo “Itong cuto na ipinunla sa aquin toong malago sa pagdame,” habang nagkakamot ng ulo. Na ang sagot ng kausap ay “Taganas namang pirit pati mga cuto mo a.”³

3 Sa UP Diksyonaryong Filipino, “walang halo” o dalisay ang ibig sabihin ng ‘taganas.’ Sa ganitong gamit ni Rizal ng salita, marahil ay naglalarawan siya ng ulong siksik sa kuto anupa’t sinakop na ngang buong-buo ng mga kuto.



Larawan 3. Panel sa itaas gawing kanan. Kuha ni Dennis Villegas, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.


Dahil naniniwala ang babaeng “ipinunla” sa kaniya ang mga kuto kayâ agad maisasantabi ang simpleng kawalan ng personal na kalinisan bilang dahilan ng pagkakaroon ng mga parasito sa ulo. Sa halip, ang akto ng pagpunla ay tumuturo sa akto ng pambabarang.

Sa isang banda, kung babalikan ang pagpili ng salitang “ipinunla” para ipahayag ang ginawa sa babae at sa kasalukuyan nitong lagay, mahalagang arukin din ang salitang ito bilang idiomang tumutukoy sa literal at matalinghagang paghahasik ng binhing may buhay sa lupa at sa sinupupunan ng isang babae, at dahil dito, hindi rin maiaalis na maikonekta ang kuto sa paglaki ng tiyan nitong babae na nakita sa nakaraang panel.

Kung pag-uugnayin ang kabuluhan ng dalawang magkatabing panel sa itaas, maaaring ipagpalagay na: (1) nagpapakita ang dalawang ito ng magkahiwalay at magkaibang halimbawa ng pagganti ng mangkukulam sa kinukulam; (2) kung iisang babaeng tauhan nga lang talaga ang paksa sa dalawang panel, puwedeng sabihing bukod sa paglaki ng tiyan ng babae sa unang panel, makikitang pinunlaan din ito ng mga kuto sa ulo, kaya’t doble ang kaniyang tinamang pahirap mula sa iisang mangkukulam; (3) kung dalawang magkasunod na pangyayari ang ipinakikita ng una at pangalawang panel, puwedeng sabihing may tuwirang sanhi-bungang relasyon ang dalawang ito; lumaki ang tiyan ng babaeng kinukulam sa unang panel dahil dito ipinunla ng mangkukulam ang kaniyang barang na kuto na ipinakikita naman ng ikalawang panel, ngunit sa tulong ng bantog na hilot, nabisto ngayon ang mga kutong nagpapahirap bilang resulta ng kulam; at (4) paimbabaw lang ang koneksiyon ng mga larawan sa kulam dahil may iba palang bagay itong nais isalaysay. Ibig sabihin, tungkol ang mga ito sa kulam pero hindi rin talaga tungkol sa kulam, isang pagdadalawang kahulugan (double entendre) na tumutukoy sa mas natural na dahilan na paglaki ng tiyan, sa maaga at wala sa panahong paglobo ng tiyan

ng isang dalagita. Kung kayâ ang kulam na inihahantad ng hilot ay maaari ding gumana bilang pagtatakip. Sa ganitong pagtingin, nagkakaroon ng mas kawili-wiling relasyon ang teksto ni Rizal sa malakomiks na likhang itinambal niya rito. Ang komiks ay hindi na lang simpleng ilustrasyon na tagasegunda dahil maaaring umalagwa rin ang mga larawan nito pupunta sa sarili nitong diskurso.

Samantala, kaiba sa dalawang panel na ito ang panel sa ibaba gawing kaliwa. Sa halip na eksena ng pagpapahirap, tila may katuwaan pa ritong nagaganap. Makikita muli ang babaeng tauhan, nakapusod sa pagkakataong ito ang buhok, prenteng nakaupo habang tinutuya ang lalaking nakatayo sa kaniyang harapan. “Caeng, at cayo calvo!!” sigaw nito habang dinuduro ang kaharap. “Aa aa Puga, puga ca!” sigaw naman pabalik ng lalaking tinutuya.



Larawan 4. Panel sa ibaba, gawing kaliwa. Kuha ni Dennis Villegas, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.

Kung tumutukoy ito muli sa nakaraang alitan ng babae at ng isang pinaghihinalaang manggagaway, maiuugnay pa rin dito ang naunang binanggit na salaysay ni Rizal tungkol sa dalawang babaeng nag-away dahil sa isang supot ng bigas at dalawang mangga at kung saan humantong ang nasabing away. Sa ganitong anyo ng naratibo, makikita ang kulam hindi na lamang bilang paraan ng paghihiganti kundi palatandaan din sa uri ng namamayaning samahang umiiral sa komunidad. Ano ang mga madalas na ugat ng alitang humahantong sa kulam o anong mga uri ng kasalanan ang puwedeng ituring na kakulam-kulam? Kung masasagot ang mga tanong na ito, may mahihinuhang panuntunan sa maayos na pakikitungo sa isa't isa, maging sa nosyon ng kasalanan at katarungan sa anyo ng kaparusahang lampas sa ipinapataw ng batas, dahil ang kasalananang hindi nasisingil ng batas ay sinisingil ng kulam.

Ayon sa sosyologong si Guy Swanson, sa kaniyang komparatibong pag-aaral sa relihiyon at paniniwala ng mga katutubong grupo buhat North America, nagiging lagapan ang kulam sa mga:

Sitwasyon kung saan kinakailangan ng mga taong magkaroon ng matalik na interaksyon sa isa't isa alang-alang sa pagkamit ng iisang layunin... at kung saan ang relasyon ng mga tao ay hindi napagtitibay ng pagtanggap, hayag man o hindi, ng lahat ng kinaaukulan; o kung saan hindi kayang resolbahin ng mga taong may nagsasalungatang layunin ang kanilang mga tunggalian sa pamamagitan ng mga pinagkasunduang paraan gaya ng korte at mga konsehong pangkomunidad.”

(Situations in which people must interact closely with one another for the achievement of common ends (and)... In which the relations among people were not developed with the consent, tacit or explicit, of all concerned; or in which persons with conflicting objectives cannot resolve their differences through commonly agreed upon means such as the court or community councils.) (146, sariling salin)

Sinusugan ito ni Richard Lieban, nang ipakita niya sa kaniyang etnograpihong pag-aaral sa kulam sa Sibulan, na kapag ang mga puwersa at institusyon sa lipunang gumagana tungo sa pagkakaisa, gaya ng pagkakamag-anak, pagkakaibigan, kultura, lahi, politikal at relihiyosong adhika, mga anyo ng pamamahala na nagpapatupad sa batas ay nawalan ng bisa, at sa ganito, “nagiging mahina ang anumang panlipunang kontrol upang protektahan ang mga indibidwal mula sa banta, o pakiramdaman na nasa ilalim ng banta, ng ibang may masamang intensiyon...,” *(With situations in which these cohesive forces are ineffective or inoperative, situations in which social controls are inadequate to prevent individuals from being menaced, or feeling menaced, by others with hostile intentions...)* sa ganitong sitwasyon nagiging talamak ang paggamit sa mga mapanakit na uri ng mahika (124, sariling salin).

Ang mga kuwentong kulam, kung gayon, ay di lang nagbibigay babala. Naglalata rin ang mga ito ng pamantayan sa kaasalan tungo sa maayos na pakikitungo kahit sa paraang impormal. Ang taong nakulam ay taong malamang na lumabag sa pamantayang ito. Ito ay sa kabila ng pagpoposisyon din sa kaniya bilang biktima.

Kung ang insultong ginawa ng babae sa lalaking kalbo, bilang paglabag sa tuntunin ng maayos na pakikitungo, ang nagbunsod sa pagpapasang ipinakita sa dalawang naunang panel, magkakaroon ng kabuluhan ngayon ang reklamo tungkol sa dumaraming kuto dahil maiuugnay na ngayon ito sa away na nagmula sa banat tungkol sa kawalan ng buhok. Ang mahaba at malagong buhok na siya marahil ipinagmamalaki ng babaeng mapanglait sa kapwa, sa bisa ng kulam, ang siya pang pagmumulan ng sarili nitong paghihirap.

Posibleng ang lalaking kalbo ang mangkukulam na salarin. Pansining walang pangalang ibinigay sa dalagatang tumuya sa kaniya ngunit nag-abala si Rizal na pangalanan siyang Caeng. Hindi kaya may alusyon ang piniling pangalan kay Cain mula sa aklat ng Genesis, na bukod sa pagiging isang masamang kapatid ay lalaking markado ng sumpa? Si Caeng ba kung gayon ay inilalarawan dito bilang parehong isinumpa at naghahatid ng sumpa?

Sa popular na imahinasyon, babae madalas ang nakikilalang mangkukulam. Ngunit sa artikulo ni Rizal, ipinaliwanag niyang nagkakaiba ang mangkukulam at manggagaway sa paraang ang mangkukulam na mas matindi ngunit mas madalang ay madalas na lalaki,

samantalang ang mga manggagaway naman ay madalas na pinaniniwalaang babae (“*El mangkukulam es por lo general un varón que nace con esta cualidad... El manggagaway o mejor la manggagaway, porque siempre es una mujer...*,” Rizal 348-349).⁴

Alam kaya ng babaeng uminsulto kay Caeng na isang mabalasik na mangkukulam ang kaniyang ginalit? Kung nalalaman ng mga tao sa komunidad kung sino ang mga manggagaway at mangkukulam kahit pa sa antas lang ng hinala, bakit nagiging posible pa rin ang mga sawimpalad na engkuwentro? Madalas paghinalaang mangkukulam ang mga taong madaling ihiwalay sa karamihan. Ayon kay Rizal, madalas makilala ang mga manggagaway dahil sa kanilang kakaibang anyo at pag-uugali: “Habang dapat katakutan ang iba sa kanila, ang iba naman sa kanila’y sadyang walang kasalanan, at binansagan lang na manggagaway dahil sa kanilang kakaibang pagdadala ng sarili, sa kanilang paraan ng pagtingin, sa mysteryoso nilang pakikitungo, sa madalang na pagpunta sa simbahan, atbp.” (*Anque algunas merecen el calificativo por inexplicable vanagloria, por charlar, por creer que así se hacen temibles, sin embargo otras son absolutamente inocentes, por lo menos, respecto a este punto. Un aire particular, una conducta algún tanto reservada y misteriosa, cierta manera de mirar, la poca frecuencia a las prácticas religiosas etc.*) (Rizal 349, sariling salin).

Ang manggagaway ang bagong salta, ang tiwalag, ang tagalabas sa politikal at espirital na lipunan. Sa isang banda, ang pagkakamaling gumalit sa mga tulad nila ay puwede lang din magawa ng mga hindi nakakikilala sa reputasyon ng kanilang kapitbahay na maaaring mangkukulam, at kung gayon, ay maaaring ignorante sa kung sino ang mga pinangingilagan at dapat pangilagan. Ang mga hindi pamilyar sa komunidad ay posibleng hindi rin talaga kabilang sa komunidad. Hindi nakikilala ng tagalabas ang tulad nitong tagalabas. Sa ganitong pagtingin, ang kulam ay pahiwatig at pagtanda ng kung sino ang mga tagaloob at kung sino ang mga tagalabas.

Paanong nasasaklaw ng mga tuntunin sa pakikipagkapwa (na ipinahihiwatig nga ng kulam) maging ang mga itinuturing na tagalabas? Di kaya indikasyon din ito na ang mga tuntunin sa mabuting pakikitungo ay itinuturing na makabuluhan, di lang sa lokal na saklaw kundi maging sa mas malawak na unibersal na larang ng pakikipag-ugnay? Ang mabuting pakikitungo ay dapat ipamalas maging sa mga tagalabas, at ang mga estrangherong napapagawi sa sariling teritoryo ay dapat din pag-ukulan ng paggalang at mabuting pagtanggap. Sinasaklaw ng tuntuning ito maging ang gumagawa ng kulam, o ang mga posibleng gumagawa nito, na kung tutuusin ay puwedeng kahit sinong estranghero (o ang lahat ng estranghero bilang posibleng mangkukulam). Kaya puwede rin sigurong sabihing sa mga kuwentong kulam, kinakatawan din ng mangkukulam ang ekstensiyon ng anumang diwa ng pagpapakatao mayroon ang isang lipunan.

Kung babalikan ang tagpong makikita sa nagdaang panel, ang lalaking kalbo ang nagsabi ng “Puga, puga ca!” Sa Tagalog, pagtakas ang ibig sabihin ng puga. Maaaring sinasabi nito sa babaeng ‘Tumakas ka na’ o di kaya ay ‘Lumayas ka!’ Pareho itong posible. Ngunit para masabi niya ito, nangangahulugan din na ang lalaking kalbo, na maaari ngang

4 Samantala, sa talakay naman ni Alcina sa *History of the Bisayan People*, may ganito ring distinksiyong batay sa kasarian ang ‘barangan’ at ‘dalundungan.’ Lalaki ang ‘barangan’ na galing sa salitang ‘barang’ at babae naman ang ‘dalundungan’ na galing sa salitang ‘dalundong’ o langis. Ngunit salungat sa sinabi ni Rizal, ang mga babae ang higit na mabalasik at mapanira ayon kay Alcina. Bukod dito, maliwanag kay Alcina na ang mga barangan at dalundungan ay kapuwa mga *hechicero* sa wikang Kastila na iba pa sa mga *brujo* (Alcina 379).

mangkukulam sa kuwentong ito, ang nasa loob ng sarili nitong pamamahay habang ang babaeng tumutuya sa kaniya ay bisita o nanghihimasok sa lugar. Ang mangkukulam ang tagaloob, samantalang ang kukulamin ang tagalabas.

Sa ganitong paghinuha, maaaring gumana ang mga kuwentong kulam sa dalawang tila magkasalungat na tunguhin: una, ang mga kuwentong kulam bilang demonisasyon sa estrangherong tagalabas; at ikalawa, ang mga kuwentong kulam bilang proteksiyon din sa mga nasabing tagalabas mula sa posibleng pang-aabuso ng mga tagaloob.

Pinakatahimik ang tagpong nasa pang-apat at panghuling panel. Interyor muli ng bahay ang tagpuan. Mag-isang nakaupo sa sahiḡ ang babaeng tauhan. Walang salitaang nagaganap bukod sa pagsambitla ng babaeng tauhan, tila sa kaniyang sarili, ng: “Jesus! Aco’y nanglalata. Cung ano po ang naroroon sa loob, aswang yata!”

Muli, hindi malinaw kung bakit sa lahat ng panel, ito ang ipinanghuli ni Rizal, at kung paano ito nagsisilbi bilang panapos sa maituturing na komiks. Hindi rin malinaw kung paano at bakit naging una ang unang panel sa itaas. Napagtitiyay nito ang palagay na wala ngang partikular na pagkakasunod-sunod ang mga panel. Dahil paano nga bang nag-iisip si Rizal? Paano bang pinag-isipan ni Rizal ang mga larawang ito? Maaaring mabalangkas ang estruktura ng kaniyang pag-iisip sa kaniyang mga prosa, liham, tula, dula, at mga nobela. Ngunit paano ang pagtalunton sa likaw na ito kapag mga imahen na ang kaniyang pinagana? Bugtong ang mga guhit ni Rizal, na nasasapinan ng dagdag pang bugtong kung ang paksa ng guhit ay sumasagot sa isa pa ring bugtong.



Larawan 5. Panel sa ibaba gawing kanan. Kuha ni Dennis Villegas, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.

Sa tahimik at mapagmuning sandaling ito ng larawan masusumpungan bilang palaisipan, hindi lang ang nilalaman ng loob kundi maging ang “loob.” Ano itong loob na tinutukoy ng babae na kinaroroonan ng hindi mawari kung aswang? Kung galing nga sa sinundang panel sa kaliwa ang eksena, posibleng ang loob na tinutukoy ay ang silid kung

saan naroon ang salaring si Caeng, ang silid kung saan din nanggaling ang babae at kung saan din siya pinalayas dahil sa kaniyang masamang sinabi sa lalaking kalbo. Kung ito nga ang tinutukoy na loob, maiuugnay rin ang panlalatang idinaraing nitong babae bilang bunga ng kaniyang pang-iinsulto. Dahil dito, ang dahilan ng panlalata ay nasa loob ng pinanggalingang silid. Kung gayon, ang hinihinalang aswang na nasa loob ay walang iba kundi si Caeng, na sa pantastikong paglalarawang ibinigay ni Rizal sa mga mangkukulam ay hindi nga malayong maituring na aswang o malaaswang:

Sa pangkalahatan, ang mangkukulam ay lalaking isinilang na taglay na ang ganitong kapangyarihan, bagamat may ilang naniniwala na isa itong sakit na nakukuha at nagbibigay ng pambihirang kakayahan sa dinapuan. Sa tuwing sinusumpung, nagluluha ang mangkukulam ng totoong apoy at ang makapangyarihan nitong titig ay nakapaparalisa ng kahit maliliit na hayop o lumilipad na ibon... Lumilitaw na isang mabalasik sa hipnotismo, isang mahusay sa gayuma itong mangkukulam, isang sawimpalad na fakir na walang kakayahang sawatahin ang sariling kasamaan...

*(El mangkukulam es por lo general un varón que nace con esta cualidad, si bien algunos opinan que es una enfermedad que se adquiere dotando al paciente de facultades terribles y fabulosas. Dicen que durante el periodo álgido del ataque, el mangkukulam vierte lagrimas de verdadero fuego, y su mirada tiene tal poder que paraliza a los pequeños animales, aun a las aves en el curso de su vuelo... El mangkukulam viene a ser como un terrible hipnotizador o fascinador, una especie de faquir mu desgraciado e involuntariamente malévolo...)*⁵ (Rizal [1961] 348-349, sariling salin).

Kung kasarian lang ang pagkakaiba ng manggagaway at mangkukulam sa fokloreng alam ni Rizal, paano namang naipasok sa usapan (sa kuwadro ng komiks) ang aswang na siyang inaalala ng babaeng tauhan sa pang-apat at panghuling panel? Madulas ang pag-uugnay ng mga nabanggit na folklorikong nilalang lalo na't sa wikang Kastila ay halos walang pagkakaiba ang mga pangalang pangtapat sa kanilang tawag: *hechicero* at *brujo*.

Sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Noceda at San Lucar, makikita ang dalawang tala tungkol sa aswang: "Asuuang. *Brujo*. Lalaki na may itim na mahika" (29) at "Osuang. *La bruja, que dice el vulgo, que vuela de noche*. Ang mangkukulam na lumilipad sa gabi ayon sa mga karaniwang tao" (361). Nagbabago sa kasarian sa Kastilang paliwanag ang "Asuuang" at "Osuang" ngunit umaalinsunod kapwa sa tawag na *brujo/bruja* (at hindi *hechicero*). Pansining sa ginawang salin sa Filipino ng Komisyon ng Wikang Filipino,

5 Ihambing ito sa paglalarawan naman na ginawa ni Padre Juan de Plasencia sa mangkukulam, na ayon sa kaniya – "*whose duty it was to emit fire from himself at night, once or oftener each month. This fire could not be extinguished, nor could it be thus emitted except as the priest wallowed in the ordure and filth which falls from the houses; and he who lived in the house where the priest was wallowing in order to emit this fire from himself, fell ill and died*" ("Customs of the Tagalogs – Two Relations"). Pagdating kay Frank Lynch, mauulit ang ganitong anda (*motif*) nang may ilang pagbabago: ang aswang sa halip na mangkukulam ang nag-aabang sa labas ng bahay, at sa halip na dumi, laway ng isang may TB ang inaabangan nitong kainin. Wika ni Lynch: "*They are placed in favorable positions, especially in houses where there are no bed-pans, requiring the patient to spit directly from his bed to the ground. In case the patient spits on a spittoon or a bed pan, the aswang through the aid of the devil, enters the house unseen and steals the container of the sputum. Sometimes, he would even quarrel with other aswangs as to their share of the dirty sputum. In this country, one can hardly find a person sick with tuberculosis, who is not frequented and molested by aswangs*" (Pablo Ba. Echano, Libmanan, Cam Sur, kay Frank Lynch 77).

makikita ang pagtukoy sa “Asuang” bilang “Lalaki na may itim na mahika” dahil tila ito ang nakitang pinakamalapit na katumbas para sa “*brujo*”; pero ang “*bruja*,” sa halip na isaling “babaeng may itim na kapangyarihan” para lang umalinsunod sa unang pagtatapat, ay walang alinlangang isinalin bilang “mangkukulam.” Kaya bagamat may pagkakaiba ang aswang sa mangkukulam sa folkloré ng ilang mga lugar, makikita ngayon dito ang pagdadaop ng dalawa, o ang pangangailangang mangyari ito dahil sa kahingiang pangwika. Nagsasalikop ang dalawang kuwentong bayan (ang sa aswang at mangkukulam) sa tula ng leksikograpiya.

Sa ganitong pagsasalikop, mahalagang bumaling kay Alcina na naglaan naman ng dalawang kabanata sa kaniyang *Historia* tungkol sa mga manggagaway at aswang. Bukod sa naging malawig ang pagtalakay ng paring historyador sa naturang paksa, mahalaga ang kaniyang mga tala sa ganitong aspekto ng kultura ng mga katutubo sapagkat nagsusulat si Alcina tungkol sa mga paniniwala ng isang bayan kung saan siya nakalubog nang mahabang panahon. Kayâ bukod sa pagiging historya, ang kaniyang mga tala ay mapahahalagahan din bilang etnograpiya.

Sa kaniyang inilatag na taksonomiya ng ibat’ ibang maligno sa paniniwalang bayan ng Borongan, Samar, lumilitaw na may pagkakaiba ang *hechicero* at *brujo* (dito sa huli niya ikinategorya ang mga aswang). Mga manggagaway na may taglay na kaalaman sa karunungan itim ang tatawagin niyang *hechicero*. Karaniwang nakukuha ng mga ito ang lihim na karunungan mula sa kanilang pagiging mga babaylan (Alcina 379, talababa 4). Pero kung may sarili nga bang mga kakanyahan ang tinatawag na *hechicero* at *brujo* na maaaring maghiwalay sa dalawang ito bilang mga kategorya ng pagkanilalang, hindi ito tiniyak ni Alcina. Ano ngayon ang kanilang pagkakaiba kung pareho namang nagtataglay rin ng kaalamang lihim ang dalawang ito at pareho din nilang ginagamit sa kasamaan at kapahamakan ng iba ang kanilang mga taglay na karunungan?

Tungkol sa mga aswang, binanggit ni Alcina ang kakayahan ng mga ito sa paglipad at paggamit ng halamang tagunlipon (359, 361). Ngunit inamin din niyang pagdating sa mga katawagan, madali itong naipagpapalit-palit ng mga katutubo. Wika ni Alcina: “Ibinibigay din nila (ng mga katutubo) sa mga *hechicero* ang mga katawagan ibinibigay nila sa mga *brujo*” (*También les dan casi todos los nombres a los hechiceros que a los brujos...*) (378, sariling salin). Isang simpleng paliwanag dito ay marahil hindi naman talaga umiiral ang anumang distinksiyon sa isip ng mga tagaroon. Pero sa kabila ng ganitong kawalan, mananatiling mahalaga ang distinksiyon para kay Alcina dahil sa usaping binabalikat niya tungkol sa paniniwala at pagdududa:

Kung ibabatay sa pagdududa sa mga bruho (aswang) at sa mga katangiang sinasabing taglay ng mga ito, mahihinuhang hindi iisa ang mga bruho at manggagaway. Walang dudang may iba’t ibang uri nga ng mga manggagaway subalit walang kinalaman dito kung tunay ngang mayroong mga bruho. Kung kaya masasabi kong ang mga bruho at manggagaway na tinatawag dito’y magkaiba.

(*Pero, como dijimos, de la duda en si hay o no brujos, y de las calidades con que ellos los pintan a los suyos, parece que es otra cosa acá ser brujo que hechicero, pues de que hay, y ha habido, varios hechizos no hay la duda que de que haya brujos. Y, así juzgo que son diferentes acá los que llaman brujos y los hechiceros.*) (Alcina 378, sariling salin)

Sa madaling sabi, mayroong mga *hechicero* pero walang mga *brujo*. Iyan ang malinaw na pagkakaiba nilang dalawa. Makikitang nakaposisyon si Alcina sa pagitan ng hindi paniniwala sa mga bruho/aswang dahil ang mga ito’y nasa isip lang ng mga katutubo at sa gayo’y walang banta sa simbahan. Ngunit ang paniniwala sa mga manggagaway o mangkukulam ay hindi mapagdududahan.

Dahil maaari ngang maniwala sa kahit anong nais paniwalaan pero hindi lahat ay magiging kapaki-pakinabang kung paniniwalaan:

Isasaysay ko ang aking mga narinig tungkol sa kanila (mga katutubong pinaniniwalaang aswang) at maging ang aking mga nakita tungkol sa mga pinararatangan nilang ganito. Sila’y aking pabubulaanan. Maaaring paniwalaan ninuman ang nais niyang paniwalaan; mananatili akong naghihinala. Lagi akong nasa pag-aalangan tungkol dito anupa’t hindi ko maitatangging wala sila sa ilang mga lugar, at hindi ko rin matitiyak kung sino-sino ang mga ito at kung paano; dahil mapagdududahan ang mga bagay na ito.

(Diré lo que a ellos he oído, y lo que yo he visto, en favor de los que dicen que los hay. Y diré, por la parte contraria, las razones que prueban que no los hay, y cada cual creerá lo que quisiere, que yo siempre estoy con duda, y tal que ni me atrevo a negar que no los haya en algunas partes, ni a asegurar quienes y cómo, porque es materia dudosa.) (Alcina 356, sariling salin)

Kasama sa kaniyang pangako bilang tagapagtala na magiging tapat siya sa kaniyang salaysay at sa kaniyang mga pagsisiyasat sa kabila ng kaniyang pagdududa. Mahalaga kay Alcina ang pagdududa. Malaki ang pagpapahalaga ng paring historyador sa rasyonal at siyentipikong pagdulog sa mga bagay na ibig niyang tuklasin. Kaya mananatili ang pagdududa niya sa aswang. Mapapawi lang marahil ang pagdududang ito ng isang aktuwal na engkuwentro sa totoong buháy na aswang na maaari niyang obserbahan, pag-aralan, kapanayamin, o kung kinakailangan, buksan ang loob ng katawan upang makita ang itinatago nitong mga bahagi.

Samantala, ibang-iba naman ang paninindigan ni Alcina pagdating sa mga *hechicero* na sangkot sa paggamit ng barang, kulam, gayuma at iba pang mga uri ng panggagaway. Hindi tulad ng mga aswang (pati na sa iba pang mga maligno gaya ng mga ungo at ugima), may rason ang simbahan para maniwala at mabahala sa mga barangan at dalundungan. Nagbabala si Alcina na “Isa ito sa mga bagay na dapat bantayang mabuti ng mga ministro ng simbahan, sapagkat hindi natutulog ang pangunahing kinatawan ng mga ganitong uri ng kasamaan” (*Y es ésta una de las cosas en que deben velar mucho los ministros, pues nunca duerme el malhechor de este maleficio*) (380, sariling salin).

Sa ganitong pagpapaksa, binanggit ni Alcina na naging ehemplo niya ang dulog ng kapwa Heswitang si Padre Martin Del Rio sa aklat nitong *Magia de las Sagas* (Alcina 356-358). Mahirap matalunton ang binanggit na publikasyon, ngunit mahihinuha na posibleng ang nasabing aklat ay bahagi o nakapaloob sa anim na tomong *Disquisitiones Magicae* na isinulat din ng isang Heswitang teologo na nagngangalang Martin Del Rio (1551-1608). Sa publikasyong ito, inilatag nang malinaw ang dahilan sa paniniwala ng simbahan sa realidad ng kulam at ng mga mangkukulam, at ang sinasabi ni Alcina na kasamaang kinakatawan nito: “Tunay na umiiral ang masasamang espiritu kasama ang mahikang kinapapalooban ng mga ito. Ang ganitong uri ng mahika’y hindi nakabatay sa anumang pagkamalikhain ng tao o sa anumang natural na mga dahilan. Sa halip, nakasalalay ito sa

isang uri ng di-materyal at hiwalay na kapangyarihan” (*Evil spirits do exist and so does the magic which involves them. Such a magic is not based upon the industry or inventiveness of human beings, nor does it rely upon natural causes. It rests, rather, on some kind of non-material, separate power [virtus]*) (Del Rio 68, sariling salin).

Kayâ nakabantay nang mabuti ang simbahan. Pangunahing instrumento nito sa pagmamatyag ang kumpisalan. Sa manwal para sa kumpisal na inihanda ni Padre Sebastian de Totanes, makikita ang ganitong gabay sa pagtatanong para sa paring magsasagawa ng kumpisal: “179. Mey sinonor ca cayang ano anomang asal nang matatanda sa ona, na pauang paraya ng diablo sa canila? Cun naquiharap ca caya sa nag aasal nang gayon cabangauang casalanan sa P. Dios, na dating baul nang manga Pare?” Sa susunod na tanong, mas lilinawin kung ano itong tinutukoy na asal ng matatanda sa una na pawang kagaya ng sa diablo: “180. May naalaman ca bagang anonomang tongcol sa mga asal nang manga mancocolam, cun mangagauay, na pauang manga alipin, at otosan nang demonio?” (Totanes 82).

Nakahanay sa ilalim ng mga kasalanang labag sa Unang Utos ng Diyos ang pangkukulam, sa Utos na mahalin mo ang Diyos nang higit sa lahat at huwag kang magkakaroon ng ibang Diyos. Ang pangkukulam kung gayon ay katulad ng pagsamba sa mga diyos na bulaan na itinuturing na isa sa mga pinakamabigat na kasalanan. Nakapaloob sa kasalanang ito ang pagpapalit ng bulaang diyos sa tunay na Diyos (ng kopya sa orihinal). Na isa ring anyo ng pagtataksil (sa orihinal). Ngunit higit sa lahat, isang pagpapanggap sa mata ng simbahan, isang pandaraya, itong pagkukunwaring isang tapat na mananampalataya sa piling ng iba pang mga tapat na mananampalataya ngunit sa mga sekretong sulok ng sariling tahanan ay nagsasagawa ng mga gawaing “pauang paraya ng diablo.” Ang kasamaan ng simulacrum na maaagapan ng simbahan sa pamamagitan ng tanong-sagot na paraan.

Makapangyarihan ang mga tanong sa loob ng kumpisalan sapagkat sa tanong, na umaasa ng katapat na sagot, nagsisimula ang pag-unawa ng katutubo sa kalikasan ng sariling mga paglabag sa utos ng pari at Diyos, at sa ganito, nahahantad sa pari at sa kaniyang sarili ang kasamaang namumugad sa kaniyang loob. Ngunit hindi para sa lahat ang pagtatanong. Ang pari lang ang maaaring magtanong sapagkat ang katutubong nangungumpisal lang ang isinasalang sa interogasyon. Ang pagpapalayas din sa demonyo mula sa katawan ng inaalihan ay nagsisimula sa tanong-sagot sa pagitan ng pari (o albularyo) at ng inaalihan ng masamang espiritu. Maging ang sikoanalitikal na pagsusuri sa kamalayan ng isang nililigalig ng masamang espiritu ay nagaganap din sa paraan ng tanong-sagot. Anupa’t ang tanong-sagot sa kumpisalan ni Totanes na may isahang direksiyon ay tila napalitan lang ng ganito ring linyadong pagtatanong-sagot sa pagitan ng *psychiatrist* at pasyente, kahit pa ang demonyong hinahanap ay lumipat na mula sa kaluluwa ng inaalihan papunta sa kaniyang kamalayan.

Ang babae sa huling panel ng komiks ni Rizal ay nagdaraan din sa isang pag-uukilkil, bagamat hindi tiyak kung sino ang dapat na sumagot sa kaniyang tanong; kung si Hesus ba na kaniyang tinatawag sa kaniyang panalangin, o kung siya rin ba bilang bahagi ng pagsisiyasat nito sa sariling panglalata, at kung ganoon ay paano niya itong masasagot nang may katumpakan?

Sa pagsisiyasat niya sa “loob” upang ilugar ang kinaroroonan ng aswang, magiging kataka-taka kung iisiping si Caeng ang aswang na tinutukoy na nasa loob, na ibig sabih’y nasa loob ng kabilang silid, dahil ang dakong peligroso ay lilitaw na napakalapit lang

ngayon sa loob na kinaroroonan naman ng babae. Ito kaya ang dahilan kung bakit sa huling panel, may pintong nakabukas sa likod ng babaeng tauhan? Mapapansing halos nakalapat ang pintong ito sa pintong makikita naman sa silid ni Caeng sa kaliwang panel. Ang pintong ito kaya ang nagsisilbing direktang ugnay ng panel sa kanan sa panel na nasa kaliwa? Mula ba sa pintong ito lumabas ang babae nang palayasin siya ni Caeng sa sinundang panel? Nasa loob ba ng pintong iyon si Caeng, at kung gayon iisang bahay lang na may magkabilang silid ang tagpuan ng dalawang ipinagtatabing panel? Ibig sabihin, maaaring magkasambahay lang o di kaya'y magkapitbahay ang babaeng kinulam at ang lalaking nagpakulam o kumulam dito. Totoong may mga napapabalitang away sa pagitan ng magkakapitbahay na nauwi sa kulam. Pero may mga ganitong kaso na ba sa pagitan ng mismong magkakamag-anak sa panahon ni Rizal? Ang loob ngayon ay nagsisilbing indikasyon hindi lang sa kinaroroonan ng aswang kundi sa kung gaano kalayo o kalapit ang aswang sa babaeng nagtataka tungkol sa aswang.

Bukod sa pintong nasa kaniyang likuran, posible ring ang loob na tinutukoy ng babae'y ang loob ng kahon na nakapatong sa mesa sa kaniyang harapan. Mahalagang pansinin na habang nasasaisip ng babae ang loob na kinaroroonan ng posibleng aswang ay nakatingin siya sa kahong ito habang ang kahon naman ay may susiang parang mata na nakatingin pabalik sa babae.

Magiging mas makahulugan ang kahong ito kung itatambis sa isa pang kahong makikita naman sa panel sa itaas gawing kaliwa, ang kahong tinatakang "Sa hilot." Sa hilot, dahil una ay pagmamay-ari ito ng hilot, at ikalawa, bilang pag-aari ng hilot, dito nakasilid ang kaniyang mga sangkap, dunong, at lahat ng pangontra't panlunas na meron siya laban sa kulam.

Bilang pagtatakda ng posibleng paralelismo, ang ikalawang kahon ay maaari naman nating tatakan ng "Sa kulam." Ibig sabihin, nasa loob ng kahong ito ang kapangyarihan ng mangkukulam na nagpaparusa sa babae. Ngunit paanong nakarating doon ang kahon kung ito nga'y sa mangkukulam? Kaninong bahay ba ang makikita sa panel na ito? Sa panel na nasa itaas gawing kaliwa, may nakasabit na mga nakakuwadrong larawan na kahit maliliit, makikita pa ring may relihiyosong paksa. Pananda marahil na ang babaeng kinukulam ay nasa bahay o poder ng hilot. Samantala, sa panel na kinaroroonan ng misteryosong kahon, mapapansing may mga ganitong nakakuwadrong larawan din sa dingding ngunit hindi na malinaw ang tema.

Kung bakit kaya naisip ni Rizal na magpasok pa ng mas malilit na mga kuwadrong may mga larawan din sa loob ay isang kakatwang bagay. Ang pagkukuwadro ay pagkakahon din. Kuwadro rin ang mga panel at dahil dito, mga kahon. At masdan kung ano ang mayroon sa mga kahong ito; tila ehehesisyo ang mga ito ni Rizal sa mga linya na nagpapamalal sa iba pang mga pagkakahon – ang mga imahen ng poon at iba pang mga larawang nakasabit sa mga dingding, ang hamba ng mga pinto, ang kahon ng hilot, ang kahong walang tatak, ang mga tokador, ang kabinet ng mga damit, ang mga linyang pababa at pahalang sa damit, saya, at tapis ng babaeng tauhan na parang nagmumukhang kulungan ng may suot. Isang lumalawig na pagkakahon kung gayon ang buong likha.

Lalong lumalabo ang eksaktong loob na kinaroroonan ng di-mawaring aswang, subalit ipinahihiwatig nito sa biswal na paraan ang isang masalimuot at masaklaw na dalumat ng loob at pagkanasa-loob. Sa ganitong pagtatampok sa samot-saring mga kahon sa mga guhit

ni Rizal, bukod sa pinto at kahon bakit hindi na rin hanapin ang aswang sa loob ng mga kuwadro, tokador, at kabinet? At bakit hindi?

Hindi matiyag ng babae kung ano ang tila aswang na nasa sa loob na sanhi ngayon ng kaniyang panlalata, pagtataka at marahil, pagkabagabag. Ngunit kung anuman iyon, nahihinuha niyang may mga katangian itong tila sa aswang. At dahil nga nakapaloob ang mga salitang ito sa sariling pagtataka at pagdidili-dili, ang aswang na tinutukoy ay di kailangang nakita o nakikita ng babaeng nag-iisip tungkol dito, at kung gayon, marahil ganito rin ang kondisyon ng loob na kinaroroonan ng aswang. Hindi nakikita ngunit damang-dama ang presensiya. Maraming loob na puwedeng paghanapan ng aswang ngunit bakit makaliligtas ang loob na pinakamalapit sa kinaroroonan ng babaeng tauhan? Tinutukoy rito ang sarili nitong katawan bilang espasyong tila kahon din na maaaring paglamanan. Ipinaliwanag ni Rizal na “sa mga kaso ng kulam na walang makikitaang sugat sa katawan ng kinukulam... ipinaliwanag ang karamdaman sa paniniwalang pinasok na ng espiritu ng manggagaway ang katawan ng taong pinarurusahan” (*Declarado el hecho y porque no se vé ninguna lesión corporal... se explica la patogenia suponiendo que el espíritu de la misma manggagaway se introduce dentro del cuerpo de la persona atormentada*) (Rizal [1961] 350-351, sariling salin).

Kung ang babaeng tauhan ay sisidlang may sariling loob, ano kaya ang nakapasok sa kaniyang tiyan na magpapaliwanag sa hindi normal nitong paglaki? Hindi kaya ang barang ni Caeng? Gaano kalalim ang pagpunlang ginawa sa kaniya ng mangkukulam? Hindi kaya ito na ang aswang na nagdadala ngayon ng kaniyang matinding panlalata na sukat niyang ikamatay?

Wala ang aswang sa kaligiran ng tauhan dahil ito’y kaniya nang na-internalisa. Ang sandaling ito ng katahimikan sa panel kung gayon ay pagkakataong nakalaan sa paggagap ng babae sa danas niya sa tila aswang na nasa katawan o kung paano pinakikiramdaman ng sariling katawan ang tila aswang na nakapasok doon. Higit na magiging makabuluhan ang ganitong panukala kung babaling tayo sa higit na idiomatikong kahulugan ng salitang *loob* bilang kaibuturan, kung saan nakalunan ang mga pinakapundamental na katotohanan ng isang tao. Ang loob kung gayon bilang kanlungan ng katotohanan kontra sa mga kasinungalingang galing sa labas. Ngunit paano kung sinasakop na ng isang malaaswang na entidad ang kanlungang ito?

Sa ganitong konsiderasyon, ang kolektibong takot sa kulam at aswang ay masasabing magkaugnay ngunit magkaiba. Sa popular na imahinasyon, isang kumakain ng lamang-loob ang aswang na lumilipad sa gabi upang maghanap ng kaniyang hapunan. Hindi kaya ipinahihiwatig ng ganitong imahinaryo ang balanang takot na malamon, na mapaloob ang sarili sa ibang loob? Ang takot na maglaho ang sarili? Ang takot na masakop ng tagalabas mula sa labas? Samantalang ipinahihiwatig ng kulam ang halos kabaliktaran nito: ang takot naman na pasukin ng iba ang sariling loob. Ito ba ay takot sa pagsanib ng nanghihimasok na tagalabas? Sa pagsakop mula sa loob? Isaalang-alang ngayon ang sabayang katotohanan ng kulam at aswang bilang pananakop na sabayang nagaganap sa loob at labas ng katawan ng sinasakop.

Sa isang banda, posible rin namang nasa babae ang aswang pero hindi kailangang nasa loob ng kaniyang katawan. Ang aswang, ang kulam, at ang pagpapahirap ay wala sa katawan. Nasa isip (lang). Dahil ang babaeng ito rin, sa unang naging pagtataya sa naturang panel, ang babaeng biktima ng sariling histerya at hipokondriya. Ang aswang kung gayon

ay umiiral bilang paksang laman ng histerya at hipokondriya, at ang isip ay kahong may loob na puwedeng tirahan ng aswang. Kung kaya inilarawan ni Rizal sa kaniyang artikulo ang aswang bilang puwersang sumasakop sa pagkatao ng babaeng pasyente, sumasakop “sa kaniyang katinuan... isang giyera sibil sa loob ng kaniyang utak” (*Que se apodera de su ser, de sus sentidos, de ahí el delirio: un desequilibrio entre las percepciones y la conciencia, una guerra civil dentro de un cerebro*) (352, sariling salin).

Ngunit bakit ipinagpapalagay agad na ang kahong naglalaman ng aswang ay isang maligalig na kahon o isang marupok na kahon? Nang talakayin ni Roque Ferriols, SJ ang tungkol sa nilalaman at hanggahan ng isip, hindi lang bunga ng biglaang sumpong ng kaniyang imahinasyon nang ihambing niya ang isip sa kahon. Sa ganitong paghahambing, ayon sa kaniya:

Kailangan nating mag-imbento ng isang espesyal na kahon na may kalabuan ang mga hangganan; ngunit may tunay na mga hangganan pa rin. Iba-iba ang mga kaugnayan ng mga kahon sa isa't isa. May mga kabit-kabit. May mga kahon sa loob ng mga kahon. Kung minsan may mga kahon na sa isang paningin ay nasa loob ng isang kahon, at sa ibang paningin naman ay hindi. (2)

Bagamat isang espesyal na kahon, malamang na hindi pa ito ang pantastikong kahong lalagyan ng mga pantastikong nilalang. Muli, isa lang itong modelo (o talinghaga) para kay Ferriols ng karaniwang isip na may laman at hanggahan. Subalit pansinin ang kayarian at disenyo nitong kahon o mga kahong tila likha ng isang may hindi pangkaraniwang isip, ng isang henyo marahil o ng isang baliw. Nagpapalit ang kaugnayan ng mga bahagi sa iba't ibang sandali at paraan ng pagtingin. Kung minsan ganito. Kung minsan naman ganyan. Kung minsan iisa lang ang kahong pinag-uusapan. Kung minsan marami sila pero bakit may pakiwaring iisa pa rin ang paksang pinag-uusapan? Hindi napipirmi sa iisang estruktura o kahit sa iisang kaisahan. Tila namamalik-mata si Ferriols habang nagsasalita tungkol sa kaniyang kahon o mga kahon. May hibo ng kabaliwan ang kahon o mga kahon ni Ferriols. Habang nagtatakda ng mga hanggahan, pinaglalaruan din nito ang nosyon ng loob at labas. Sa isang banda, maiintindihan din naman kung para saan ang mga kahong ito lalo na ng mga ayaw pakahon. Isang kahong bagay na bagay ngang tirahan ng aswang dahil inuulit din nito ang pagsasa-estruktura sa aswang sang-ayon sa mga folkloreng naglalarawan dito.

Kung mayroong aswang sa mundo, malaki ang posibilidad na merong aswang din sa loob ng kahon at kailangan ng aswang matagalan ang katotohanan ng kahon upang makapasa sa pagsubok ng pagiging totoo. Papaano puwedeng mangyari ito? Kung ipalalagay na magkatulad ang pagkamayroon ng kapwa aswang at kahon, at dahil buháy ang nilalamang entidad sa loob ng kahon at dahil dito maaaring magkaroon ng aktibong partisipasyon sa kaniyang kaligiran gaano man kalimitado ang kaligirang ito, at kung sa pamamagitan nito ang pagkanasa-loob-ng-kahon ng aswang, kahit loob pa ito ng limitadong espasyo, ay binubuo ng maraming mga galaw ng nasa loob (ng aswang) na nilalaman;⁶ halimbawa: na habang naroroon sa kahon, maaari pa rin itong humuni, umalulong, gumawa ng kahit

6 Nasa loob ang entidad ng isang kaligiran na lumalawig ang ekstensiyon ng mga hangganan. May paglawig ng ekstensiyon ng pumapalibot kung paanong may paglawig din ng ekstensiyon sa entidad na pinalilibutan. Ganito ang “pagka-nasa-loob” (*Inwendigkeit*) ng *Dasein* (“Pagiging”) ayon kay Heidegger (134). Kung ipagkakaloob sa aswang ang pagiging *dasein* o ang pagkakaroon ng *dasein*, hindi ba puwedeng ibigay rin sa kaligirang lumilibot sa aswang ang ganitong paglawak ng ekstensiyon?

anong kakaiba at nakatatokot na ingay (dahil sa maraming kuwento at pelikulang aswang, ito ang lumalabas na pinakapangunahing gawain ng mga aswang: ang mag-ingay). Samantala, puwede rin itong manahimik at makinig sa mga ingay na nagmumula sa labas ng kahon. O puwedeng pareho—ang marinig at makinig—sa magkakaiba o sabay na pagkakataon. At habang nasa ganitong kaganapan ang aswang na nasa loob ng kahon, nagaganap din ang pag-uugnay ng loob at labas ng kahon sa paraang lumalawig papalabas ang loob ng kahon. Kung ang kahon ay nasa loob pala ng isang kabinet, nagiging parte ng kahon ang kabinet na iyon na parehong nasasaklaw ng ingay at katahimikan ng aswang at paligid ng aswang; at kung ang kabinet naman kung saan nakalaman ang kahon ay nasa loob ng isang silid, nagiging bahagi rin ng kabinet ang silid na iyon na nagiging parte rin ng ingay at katahimikan. Sa isang banda, dahil nakikinig at nakikiramdam din ang aswang na nasa loob ng kahon, at ang kilos nito ay mula loob (dahil doon galing ang aswang) patungong labas at babalik mula labas (ang mga bagay na maririnig ng aswang at magiging bahagi ng kaniyang hinagap) paloob, makikita kung paanong nakakabig paloob ang labas pabalik sa sariling kaibuturan. Maaalala rito ang galaw at kayarian ng kahon o mga kahon ni Ferriols. May kahong nagsisilid sa isang kahon na nagsisilid din ng isa pang kahon kung saan naroon ang aswang. Sa ganitong pagkakahon ng mga kahon sa loob ng iba pang mga kahon, hindi na nga maiiwasang tingnan ang aswang bilang kahon din na naglalaman ng isa pang kahon (ang itim na ibon o sisiw na mayroon ding ikinakahon sa sarili nito) habang ito’y nasa loob ng isang kahon.⁷

Kung ang kahon ay isip, at ang aswang na pinagwawari ng babaeng tauhan sa huling panel ng komiks ay ang aswang na nasa loob ng kaniyang isip, anupa’t ito na nga ang paglalarawan ni Rizal ng babaeng biktima ng sariling histerya at hipokondriya, ang lunas kung gayon sa kulam ay lunas sa isip.

Sa hatol at/o sapantaha ni Rizal sa kaso ng mga babaeng biktima ng pangkukulam, dapat matanto ng isang doktor na naliwanagan ng agham na “ang inakalang gaway ng mga albularyo... ay kaso lang ng suhestiyon kundi man auto-suhestiyon” (*Y en efecto; si se reflexiona un poco se encontrará que algunas hechizadas son meramente sugestionadas cuando no auto-sugestionadas*) (Rizal [1961] 351).

Dahil nasa antas ng suhestiyon inilulugar ang puno’t dulo ng karamdaman kung kaya ang inihahatol na lunas “ay nakabatay, hindi lang sa mga modernong teorya ng suhestiyon, ngunit dapat ding maging mabisa” (*Ahora bien: considerada bajo este aspecto la enfermedad, no hay duda que el principio en que se basa el tratamiento es, no sólo está con arreglo a las teorías modernas sobre las sugestión, sino también el único que puede producir efectos*) (Rizal, [1961] 351, sariling salin).

Sa salin sa Ingles ni Luciano P.R. Santiago, isang doktor buhat sa Department of Psychology ng College of Medicine ng UP Manila, ipinasok niya ang salitang *psychopathology* upang tukuyin ang batayan ng pinag-uusapang suhestiyon: “*The treatment, therefore, to be rational and consistent with the modern theories on suggestion and hence, solely*

⁷ Sa etnograpihong tala ni Frank Lynch, inilalarawan ang aswang bilang nilalang na nag-aalaga ng sisiw sa loob ng kaniyang sikmura, at kung gayon, kahon ngang nagsisilid; habang itong itim na sisiw na nasa loob ay nagtataglay din ng sariling loob; at kung gayon, ang itim na sisiw din bilang isa pang kahon, na gahum o anting-anting na nakapagpapangyari sa aswang: “*The aswangs are believed to have an anting-anting, acquired or handed to them from their forefathers who had, evidently been aswangs... This anting-anting is in the form of siwo-siwo, which is excreted by the dying aswang through his mouth and in turn is swallowed by his successor*” (Romeo Papica, Goa Cam Sur, kay Lynch 61).

effective should be based on this psychopathology” (67). Bukod dito, ginamit din niyang salita ang *psychotherapy* (“*ancient form of psychotherapy*”) sa dulong bahagi ng kaniyang salin bilang katumbas ng orihinal na “*el tratamiento primitivo*” na binanggit ni Rizal bilang lunas na dapat gamitin ng sinumang doktor na makaengkuwentro ng ganitong kaso ng suhestiyon at auto-suhestiyon. Sa pagpili niya ng ganitong uri ng mga salita at sa pagpasok sa mga salitang ito sa talakay ni Rizal, napapanukala rin ni Santiago na ang “*curacion*” na iniaalok ni Rizal sa kulam ay hindi lang nasa antas ng isip kundi nasa larang din ng pag-aaral sa isip. Katunayan, sa talakay ni Santiago tungkol sa artikulo ni Rizal, pinahahalagahan niya ang sulating ito at si Rizal mismo bilang tagahawan ng larang ng *psychiatry* sa bansa (Santiago 65).

Na bagamat isang ophthalmologist, hindi rin matatawaran ang nalalaman ni Rizal sa larang ng sikolohiya, at marahil patunay rito ang apat na aklat na sinasabing nabasa ni Rizal at kabilang sa personal niyang koleksiyon: (1) *Phenomenes de la Vie*, 2 vol.; (2) *Lecon de Psicologie Experimentale*, 2 vol.; (3) *Recherches Clinique et Therapeutique sur L'épilepsie, L'hysterie et L'idiotie* (1883) ni Desire Magloire Bourneville; at (4) *Hypnotisme, Sugestion et Psychotherapie* (1891) ni Hippolyte-Marie Bernheim. Ayon kay Santiago, dito sa huli nakuha ni Rizal ang kaunawaan tungkol sa suhestiyon at auto-suhestiyon na siyang ginamit nito sa “*Curacion*” (Santiago 66).

Sa isang banda, mali rin kung ipagpapalagay na simpleng hinango lang ni Rizal buhat sa medikong kanluran ang *curacion* na kaniyang inihahatol. Kung babalikan ang kaniyang payo at kung titingnan itong mabuti, “*no sólo está con arreglo a las teorías modernas sobre las sugestión, sino también el unico que puede producir efectos,*” (sariling diin), maaaring ang mahusay na lunas ay bumatay (at kung gano'n ay magsimula) sa mga modernong teorya ng suhestiyon (na gaya marahil ng ipinapalaganap ni Bernheim at ng *psychotherapy* buhat Pransiya), ngunit hindi ito nagtatapos sa pagiging nakabatay lang sa mga nasabing modernong teorya. Dahil iba pang usapin ang pagiging rasyonal (na kinakatawan ng mga modernong teorya) sa usapin ng kung ano talaga ang nakagagaling (sa sitwasyong lokal). At itong huli ang mas nais itampok ni Rizal.

Dito, may tila sugal na nais laruin si Rizal: na hindi na kailangan pang tumawid ng dagat upang mahanap ang tamang lunas sapagkat matatagpuan ito sa sariling bakod, sa sariling panahon, dahil malaon nang ginagamit ng isang uri ng manggagamot sa sinaunang panahon—ang “*sagaz curandero*” na kaniyang tinatawag. Wika ni Rizal: “Ang pagpapaalis sa nakaliligalig na elementong ito [ng kulam], ang pagtatakwil sa suhestiyon sa pamamagitan ng isa pang suhestiyon, ay ang di mapasusubaliang intensiyon ng matalinong manggagamot na unang nakatuklas sa paraang ito” (*Arrojar a este elemento trastornador, arrojar a esta sugestión por otra sugestión fué sin duda alguna la sabia intención del sagaz curandero que primero inventó el procedimiento*) (Rizal [1961] 352, sariling salin). Ang *sagaz curandero*, na malamang na nauna pang lumitaw sa mga doktor na aral sa kanluraning medisina, ay nauna rin malamang sa mga albularyo sa panahon ni Rizal sapagkat ang mananambal na ito ang nakapagsagawa ng unang matagumpay na ritwal laban sa kulam. Ngunit sinong mananambal ito? May batayang historikal o antropolohikal ba si Rizal sa pagtatampok sa manggagamot na paham? Isang sinaunang babaylan-pusóng ba ito na matalinong nakalikha ng pakana upang magpalitaw ng mga maligno buhat sa balon ng tákot ng kuwentong bayan, upang takutin ang tákot ng taumbayan? Naengkuwentro kaya ito ni Rizal sa gitna ng kaniyang masigasig na pag-aaral sa folklóre at ethnohistorya ng sariling bayan? Tumatak kaya sa kaniya ito, at/o naitala sa

isang kuwaderno na hindi na niya nagawang banggitin dito o kahit sa iba pa niyang mga sulatin? O sa mas madaling tanong, may búhay nga ba ang *sagaz curandero* sa labas ng artikulo ni Rizal?

Mahalaga ang nasabing mga tanong sapagkat ang pagharap sa kaso ng auto-suestiyon ay nakabatay sa parehong prinsipyong ginamit ng matalinong manggagamot na ito sa kaniyang “sinaunang panggagamot” (*el tratamiento primitivo*), na mainam ding gamitin ng mga manggagamot sa kasalukuyan na nais makapagpagaling sa misteryosong karamdaman (*Nosotros, si nos encontrásemos ante un caso de auto-sugestión, no vaciláramos un usar del principio que informa el tratamiento primitivo...* (352). Samakatuwid, ang matalinong manggagamot na ito bilang modelo ay ulirang inihahapag ni Rizal sa mga kapwa niya manggagamot. Kung paano marahil na inihahapag din sa atin ng maraming historyador sa ating panahon ang malaong panahon ng katutubo bilang isang panahong ideal at ginintuan, na dahil hindi pa nalalahiran ng anumang korapsiyon ng kolonyalismo, ay nagsisilbing balon ng inspirasyon at karunungan na maaaring pagsalukan ng mga Filipino upang mahanap ang daan palabas sa maengkantong gubat ng kolonisasyon. Isang historyograpiyang bukas sa mga kritisismo at pagpapasubali sapagkat nagrerekurso sa rebisyonismo sa paghahanap ng simbolong mabisang maipambabala sa mga kalaban. Sa ganitong paglalapat, ang *sagaz curandero* nga ay tulad din nina Maragtas at Kalantiao, ng La Loba Negra, ni Balagtas, at sa huli, ni Rizal, ang Rizal na kapwa nasa sa mga teksbuk at sinasamba sa Banahaw. Ang kasaysayan ng Pilipinas mismo ay umiiral bilang suhestiyon at auto-suestiyon.

Ang suhestiyon na kontra-suestiyon ay hindi naman talaga ibang suhestiyon (“*otra sugestión*”). Sapagkat naging iba lang ang intensiyon ng paggamit nito sa kamay ng *sagaz curandero* ngunit hindi ang panlabas na bihis. Naroon pa rin ang paghampas ng rattan sa isang pinahihirapan ng kulam, ngunit ito ay umiiral bilang representasyon, bilang palabas, bilang sinaunang simbolong hindi dapat ipagkamali sa realidad, na tulad ng pagkakamaling ginagawa ng mga ignoranteng albularyong “lagi sa pagiging magaspang, ang mga tagasunod na ipinagkakamali ang mga simbolo sa realidad, [ay] sinusunod ang letra ngunit kinaliligtaan ang espiritu” (*siempre y vulgo y los continuadores toman por realidades los simbolos, se quedan con la letra y olvidan el espíritu*) (Rizal [1961] 352, sariling salin).

Ang pagiging iba ng ibang suhestiyon, upang gumana bilang kontra-suestiyon, ay nasa kaibhan ng intensiyon at pananalinghaga ng gumagamit dito. Sa simpleng paglagom: kulam at kulam din ang sagot (ang *curacion*) na iniaalok ni Rizal laban sa kulam. Ang kulam kalakip ang lahat ng palabas na nagbibigay rito ng anyo ngunit minus ang realidad na ikinakabit dito ng mga ignoranteng albularyo na kinalilimutan ang espiritu.

Sa ganito makikita ang pagbaling ng *curacion* tungo sa pagiging *pharmakon*. Hindi tulad ng *curacion* na maaaring tumukoy lang sa rasyonal at mabisang lunas sa kulam, at sa ganito’y maisasalin lang bilang “gamot,” “lunas,” o “remedyo,” napagkakawing-kawing ng *pharmakon* ang mas masalimuot na paglalalatag ni Rizal sa kulam bilang lunas, lason, sulatin, at sakripisyo.⁸ Isa itong pagkokonsepto na pag-aangkop mula

8 Sa kaniyang “Plato’s Pharmacy” (95, 117, 128), inilalatag ni Derrida ang interkoneksiyon ng *pharmakon* (lunas), *pharmakeus* (manggagaway), at *pharmakos* (sakripisyo). Tingnan din ang “Pharmacology of Spirit: And that which makes life worth living” ni Bernard Stiegler na isinalin ni Daniel Boss (295), sa *Theory After Theory*’ na pinatnugutan nina Jane Elliott at Derek Attridge.

mitolohiyang Ehipsiyo hanggang pilosopiyang Griyego patawid sa post-estrukturalismo ni Derrida, na nagiging posible dala ng *polysemy* ng mismong salita na dulot naman ng magkasabay na hirap at salimuot ng pagsasalin. Wika ni Derrida: “sa pamamagitan ng mga biglang pagbaling, pag-aalumpihit, pagbulwak ng maraming salik, nang walang pagmimintis sa salin, ay nakapagpapahintulot na matumbasan ang parehong iisang salita ng “lunas,” “sangkap,” “lason,” “droga,” “gayuma,” atbp.” (*Hence for example, the word pharmakon. In this way we hope to display in the most striking manner the regular ordered polysemy that has, through skewing, indertimination, or overdetermination, but without mistranslation, permitted the rendering of the same word by “remedy,” “recipe,” “poison,” “drug,” “philter,” etc.*) (Derrida 71, sariling salin).

Maaaring taglayin ng kulam ang mga nagsasalungatang bisa sa katawan ng komunidad at indibidwal. Ang kulam bilang instrumento ng pagpapahirap at pananakot, gaya ng nasabi na sa simula, ay instrumento rin ng pagpapanatili sa komunal na kaayusan. Na nagpapaalala sa mga tamang gawi at asal na dapat ipakita sa kapwa at kababayan. Ngunit sa ganitong paggana ay instrumento rin ito ng pagpapanatili ng mga herarkiya sa lipunan. Ang kulam bilang ideolohiya ay batis ng mga suhestiyon at auto-suhestiyon. Subalit sapagkat ganito ay maaari ding magsilbing batis ng kontra-suhestiyon, gaya nga ng ipinanunukala ni Rizal. Ang mga pagsasalungatang ito’y wala sa antas ng pagiging *binary opposites*, at/o hindi rin gumagana sa paraang kronolohikal: hindi ito naging lason muna saka naging lunas at saka nagkaroon muli ng masamang epekto. Sapagkat hindi rito tinatanong kung kailan ito naging lunas at kailan ito naging lason, o alin ang nauna sa pagiging lason at lunas nito, na parang pagsagot sa bugtong kung alin ang nauna sa manok at itlog.

Sa paggana nito bilang *pharmakon*, walang sagot, o walang iisang tamang sagot sa naturang bugtong, dahil ang kulam ay sabayang lunas at lason, at sa pagiging ganito ay panabayan ding natatampok at napasusubali ang pagiging lunas at lason. Sapagkat, ayon nga kay Derrida: “ang *pharmakon* ay ang kilos, ang lunas, ang laro: (ang produksiyon ng) *difference*. Ang *difference* ng *difference*. Tinatanganan nito, sa sariling alumpihit na anino at pagbabantay, ang mga salungatan at pag-iiba na ihuhugis ng pagtatang” (*The pharmakon is the movement, the locus, and the play: [the production of] difference. It is the difference of difference. It holds in reserve, in its undecided shadow and vigil, the opposites and differends that the process of discrimination will come to carve out*) (127, sariling salin).

Sa ganitong pagtingin, maaaring sipatin ngayon ang kawalan ng historikal na identipikasyon ng *sagaz curandero* na umimbento sa kulam bilang mabisang kontra-suhestiyon. Kung ang kulam ay parehong lunas at lason sa buong panahon (na saklaw ng artikulo ni Rizal), ang gumagamit din sa kulam bilang lunas (bilang kontra-suhestiyon) ay siya ring gumagamit dito bilang lason (bilang suhestiyon at auto-suhestiyon), i.e. ang mangkukulam, ang albularyong lumalaban sa kulam, at ang babaeng kinukulam. Ang tatlong ito rin ang *sagaz curandero* sa paraang sa kanilang mga pagsasa-arketipo rin nabibigyang daan ang mito ng *sagaz curandero*. Sila ang nagbibigay daan. Ang sakripisyo. Na isa pang pagtutumbas sa *pharmakon*.

Sa ganitong paggana, ang *pharmakon*, ayon kina Boucher at Roussel (sa konteksto ng pagkiling ng Quebec sa Hezbollah sa kabila ng identipikasyon ng huli bilang teroristang grupo na kalaban ng Israel) “ay isang simbolikong sangkalan ng sisi (*scapegoat*) na nilalagakan ng lahat ng korapsiyon ng komunidad. Tinitingnan bilang lason, itinitiwag

ito pagkaraan mula sa siyudad sa panahon ng krisis bilang anyo ng panlipunang katarsis, at sa ganitong paraan ay nagiging kagamutan para sa siyudad” (*Pharmakon was usually a symbolic scapegoat invested with the sum of the corruption of a community. Seen as a poison, it was subsequently excluded from a community in times of crisis as a form of social catharsis, thus becoming a remedy for the city*) (130, sariling salin).

Tila ganito nga ang gamit ng manggagaway bilang “*la burra de carga*,” at “*macho cabrío*”—isang hayop na tagapasan at isang hayop na kakatayin—na sa ganitong pagtukoy ni Rizal ay hindi lang salot kundi gumagamot din sa mas malalalim na karamdaman ng bayan, sa pagbubunyag nito sa mga delusyong inaalagaan ng bayan, kung kayâ ang manggagaway ay umiiral sa ganitong gana bilang *pharmakos* ng bayan:

Ang asno na tagapasan ng sisi ng mga ignorante, ng mga mapaghandang ng masama sa iba, at ng mga mapanirang-puri; ang kambing na alay upang pahupain ang sumpa; ang kaligtasan ng mga nagugulumihanang manggagamot. Kabilang sa kaniyang makadiyos na katangian ang pagkakaroon ng makadiyos na kapintasan, na laging maghangad itong sangkatauhan ng paliwanag sa lahat ng bagay para sa kaniyang sarili, at maghugas ng sariling karumihan gamit ang dugo ng iba. Ang Filipinang manggagaway ang kumakatawan, para sa mga manggagamot at iba pang mangmang, ng lahat ng kasamaan: mula sa poot ng mga diyos at demonyo, sa pakikipagkasundo sa mga demonyo ng Edad Medya, sa mapusok na damdamin, hanggang sa neurosis ng iba’t ibang panahon. Para sa mga albularyo, sila ang hatol sa lahat ng mga hindi nakikilalang sakit.

(*Es la burra de carga de la ignorancia y la malevolencia popular, el macho cabrío de las maldiciones, la salvación de los perplejos curanderos. La humanidad entre sus divinas cualidades tiene también divinos defectos: le gusta explicarse todo y lavar en sangre ajena sus propias impurezas. La manggagaway filipina es para el vulgo y el curandero, lo que el resentimiento de los dioses, el demonio, los pactos con el diablo en la Edad Media, la plétora saquínea, las neurosis, etc. de las diferentes edades: es la diagnosis de los inexplicables padecimientos.*) (Rizal [1961] 349, sariling salin)

Sa ganito ring paggana, nagbibigay-daan ang babaeng kinukulam bilang *pharmakos* o sakripisyo, sa kaniyang pagiging arketipo, na di lang arketipo ng babaeng biktima, kundi, at higit na mahalaga, ng babaeng histerikal. Inilarawan ni Rizal ang babaeng ito na sumasailalim sa matinding paghihirap ng kalooban:

Meron tayong isang babaeng pasyente na kumbinsidong pinahihirapan siya ng isang manggagaway na kaniyang nakaalitan. Nasa kaniyang guniguni ang paniniwalang ito, minumulto siya gabi’t umaga, pinagkakaitan ng ganang kumain at mahimbing na tulog, iniisip niyang galing sa manggagaway ang kaniyang karamdaman, na sumasakop sa kaniyang pagkatao, sa kaniyang katinuan, kung kaya ang deliryo: ang pagkawala ng panimbang sa pagitan ng kaniyang pananaw at kamalayan, isang giyera sibil sa loob ng kaniyang utak.

(*Tenemos una enferma convencida del poder de una hechicera a quien ha ofendido: esta creencia está en su imaginación, la acosa día y noche este pensamiento, la priva del sueño y del apetito ella se imagina entonces que su enfermedad la produce la manggagaway que se apodera de su ser, de sus sentidos, de ahí el delirio: un desequilibrio entre las percepciones y la conciencia, una guerra civil dentro de un cerebro.*) (351-352, sariling salin)

Isang aberya sa pag-iisip na matagal nang ipinapapasan at ipinaaari sa kababaihan ang histerya. Inugat ni Platon ang pinagmumulan ng naturang kondisyon sa “matris ng babae, na isang buháy na nilalang na nasa kanilang loob na nagnanasang magkaanak. At kung mapababayaang tigang lampas sa normal na panahon, ay nagdudulot ng matinding ligalig, kumakalat sa katawan, humaharang sa mga daanan ng paghinga at nagdudulot ng matinding pagkabalisa at malulubhang karamdaman” (*the matrix or womb in women, which is a living creature within them which longs to bear children. And if it is left unfertilized long beyond the normal time, it causes extreme unrest, strays about the body, blocks the channels of the breath and causes in consequence acute distress and disorders of all kinds*) (123, sariling salin).

Kung ang aswang ang paksang laman ng histerya sa komiks at artikulo ni Rizal, kay Platon, ito naman ang sanggol na pinakaaasam lamanin ng sinapupunan. Ang absent na sanggol kung gayon ay umiiral bilang isa ring aswang, o, sa folkloré, ang sanggol bilang paboritong pagkain ng aswang,⁹ na sa maraming kuwento ay nagsisilbi ring paliwanag ng maagang pagkawala ng fetus sa sinapupunan ng mga ina.¹⁰ Kung kayâ ang konsepto ng histerya at babaeng hysterikal, na inuugat ng pilosopong Griyego sa matris ay maikakawing sa takot ng babaeng makunan (makuhanan ng aswang, maaswang), na sa pangkalahatan ay takot ding mabigo sa maternal nitong gampanin na inaasahan sa kaniyang kasarian. Sa isang banda, kung may takot sa nawawalang sanggol o sa sanggol na hindi mabubuo sa sinapupunan, may takot din naman sa sanggol na maaaring mabuo sa sinapupunan nang wala sa panahon, na tulad ng nahinuhang *double entendre* sa larawan ng batang babaeng biglang nagkaumbok ang tiyan.

Mga sinaunang pag-uugnay ito sa uterus at disposisyon ng babae na bagamat matagal nang napasubalian maging sa panahon bago ang pag-usbong ng mga teorya ni Freud tungkol sa trauma at histerya ay nagpatuloy pa rin hanggang kay Freud. Bagamat sa kasong ito, hindi na sa uterus ng babae iniuugat ang dahilan kundi sa isang traumatikong nakaraan (na teoryang hinawan ni Jean-Martin Charcot), o sa bilis ng pasyenteng matangay ng anumang suhestiyon (na teoryang hinawan ni Hippolyte-Marie Bernheim, na siyang tila pinagbatayan ni Rizal). Sa trauma man o sa “suggestability” inuugat ng mga modernong teorya sa pag-iisip ang histerya, nananatili ang paglulugar nito sa katawan at isip ng babae, na sinasabing sumasalamin sa natural na kahinaan ng babae, lalo na ng mga kadalagahan (Ferguson 36). Ito ay kahit pa matagal na ring naibahagi sa mga kalalakihan ang karamdamang ito ayon sa mga pag-aaral bago pa kay Freud, na gaya halimbawa ng kay Thomas Sydenham na nabuhay noong ika-17 siglo:

Kung di ako nagkakamali, pinakakaraniwang karamdaman ang histerya...

Ukol sa mga babae, kung isasaalang-alang ang mahirap na buhay na pinagdaanan, halos walang ligtas mula rito ang sinuman sa kanila... Ngunit tinatamaan din nito kahit maging ang mga kalalakihang parati sa loob ng kanilang silid at nag-aaral, namumutla sa pagharap sa kanilang mga libro at papel.

(Of all chronic diseases hysteria – unless I err – is the commonest... As to females, if we accept those who lead a hard and hardy life, there is rarely one who is wholly free from them... Then again, such male subjects as lead

⁹ Maaaring tingnan ang kuwento ni “Concepcion Abecia, Cagayan de Oro City, 1966,” kay Francisco Demetrio, SJ (395).

¹⁰ Tingnan bilang halimbawa: “The Lost Fetus,” Titus Labrador, San Narciso Zambales; Helen Espino, Sorsogon; kay Maximo Ramos (51).

a sedentary or studious life, and grow pale over their books and paper, are similarly afflicted.) (Veith 141, sariling salin)

Kung may sugal ngang nilalaro si Rizal sa paglalata ng niya sa lunas sa kulam, ngayon naman makikita ang laki ng kaniyang itinataya. Bagamat tila siya lang ang nakakaalam sa panuntunan ng larong ito, may ilang galaw na masisilip buhat sa kaniyang mga maniobra. Kabilang dito ang pagsuko sa ilang mga bagay upang makamit ang bagay na mas minimithi. Upang mapalitaw ang galing ng *sagaz curandero*, tila kinailangang maialay muna ang bruha sa galit ng mga tao at maipalamon ang babae sa sarili nitong histerya. Makikita ang sakripisyo sa mga asno at kambing kung titingnan nang pabaligtad ang daloy ng lohika ng kanilang mga paglitaw. Sa unang tingin, isinasakripisyo sila sa galit at kamangmangan ng taumbayan. Subalit sa muling paghimay, makikitang isinasakripisyo rin sila alang-alang sa paglikha sa mito ng matalinong manggagamot. Sa karaniwang daloy ng lohika, naroon na ang bruha at ang babaeng histerikal sa larawan bago pa ang *sagaz curandero*. Pumasok lamang itong huli dahil kinailangan ang kaniyang interbensiyon sa sitwasyong kinaroroonan ng naunang dalawa. Siya samakatuwid ang resulta ng pag-iral ng dalawang babae. Subalit paano kung naroon na pala sa simula't simula ang *sagaz curandero*? O paano kung ang kaniyang pagdating pala ang tunay na pinakahihintay? At upang mabigyang katwiran ang kaniyang pag-iral/pagdating ay kinailangan lamang ang paglitaw nitong dalawang babaeng arketipo? Kung paano marahil na kinailangan sa nobelang *Noli Me Tangere* ang pag-iral din ng dalawang arketipo ng trahikong babae—nina Maria Clara at Sisa—upang mabigyan ang satirikal nitong bihis ng trahikong mukha, at sa ganitong paraan ay higit na magkaroon ng bigat ang politikal nitong signipikasyon? Naroon ang mga babaeng ito—ang bruha, ang baliw, at ang bastarda dahil kailangan sila sa kuwento.

Nagagawa ni Rizal ang paghalili sa inaasahang lunas (ang mahikal na lunas buhat sa mga albularyo) sa matalinong lunas (ang kontra-suesthiyon buhat sa *sagaz curandero*) sapagkat nagagawa rin niya ang paghalili sa panahon at lohika ng mga bagay-bagay. Maitutulad ang pagmaniobra ni Rizal sa paghaliling ginagawa ng matalinong aswang, na ayon sa matandang kuwento, ay lumilikha ng imahen ng tao mula sa katawan ng punong saging.¹¹ Bilang panlalansi, ang imaheng ito ang ihahalili ng aswang sa pinaglalamayang bangkay. Bilang kopya, sinasabing ang tanging pagkakaiba ng imahen sa orihinal ay ang kawalan nitong una ng bakas ng daliri. Sa pamamagitan ng bilis at daya, natatangay ng aswang ang tunay na bangkay at naipapalit sa kabaong nito ang inihandang kopya (kung kayâ ang laging habilin ay huwag matutulog habang nagbabantay sa lamay ng patay). Ang kaganapan ng dayang ito ay wala sa katapatan ng kopya sa orihinal. Bagamat hindi tapat ang kopya ay magagampanan nito nang buong ganap ang papel na ibinibigay rito: ang maging bangkay na mananatili hanggang sa libingan. Samantalang ang tunay na bangkay na nasa kamay na ng aswang ay gagawing isda na ibebenta sa palengke o baboy na aalagaan para katayin sa araw ng pista. Sa ganito, masasabing ang orihinal, na dating isang patay (na labi ng dating buhay) ay muling binuhay upang magkaroon ng bagong pag-iral. Ang aswang bilang manlilikha ay naglalaan ng dunong upang pakialaman ang kamatayan at buhay, ang isa ay inihahalili sa isa. Sa ganitong mga pagpapalit nakalilikha ang aswang, hindi lang ng mga bagong uri ng pag-iral kundi ng mga bagong katotohanan.

Si Rizal din ay may ganitong pangangaswang. Inaaswang ni Rizal ang aswang na nasa loob ng kahon upang mapalayas ito sa kahong kinalalagakan. Nagagawa ito ni Rizal, higit sa lahat ng anupamang maniobra, sa kaniyang paghahatid sa kulam sa anyo ng panulat,

11 Tingnan halimbawa: “Ely S. Compuesto, Sagnay Cam Sur,” kay Frank Lynch (128).

o ang kulam bilang panulat, na iba pa marahil, ngunit konektado, sa alintana ni Platon sa panulat bilang kulam (Derrida 73, 97). Isa itong panulat na sagot ni Rizal sa isa pang panulat, sa isang liham na hindi na natin mababasa (ang liham ni Benito Francia) sapagkat tila nalimutan na ng kasaysayang itabi para sa mga susunod na mambabasa; at dahil dito, masasabing wala nang isa pang teksto sa labas ng teksto ni Rizal, at sa ganito, ang pagkanasa-loob ng kulam sa sulat. Ang paghuli ni Rizal sa manggagaway/mangkukulam na buháy na nilalang ng folkloré, na kaniyang binago upang maisilid sa kaniyang mga pangungusap, ay binibigyan niya ng presentasyon (o representasyon) sa anyo ng artikulo at mga likhang-larawan. Ang manggagaway o mangkukulam sapagkat ipinaksa na ng panulat ni Rizal, at si Rizal bilang dakilang awtor ng mga akdang *Noli* at *El Fili*, ay nagdudulot ng pagkakahayan nitong manggagaway o mangkukulam sa pampanitiking pag-iral nina Ibarra, Maria Clara, Sisa, at Damaso, silang lahat bilang nagmula sa makapangyarihang pluma ng dakilang henyo. Ngunit hindi lang makikita ang manggagaway o mangkukulam sa panulat, kundi maging sa sining biswal (sa anyo ng komiks na una sa lahat ng komiks sa kasaysayan ng pagkokomiks sa bansa), kaya naihananay na rin ang mga ito sa pigura ng Pagong at Matsing, na nagbuhat din sa folkloré gaya ng ginagawang pagbubuhay ng mga mangkukulam at aswang. Bukod pa rito, sa komiks, protokomiks o malakomiks na anyo, pinagtatagpo ni Rizal ang sulat at biswal, na dalawang uri ng representasyong ikinababaha ni Platon sa kaniyang *pharmakologia*. Mapahalagahan ang historikal na ambag ni Rizal sa estetika ng pagsasakomiks sa pagpapakilala niya sa teknik ng paglalapat ng pagbigkas (*speech*) sa imahen ng tauhang binibigyan ng kakayahang magsalita.

Wala ang ganitong teknik sa kaniyang mas naunang “Pagong at Matsing.” Ang masusbaybayan sa “Pagong at Matsing” ay tekstong nakasusog sa biswal bilang repetisyon, i.e., isinasalaysay nito sa ilalim ng larawan kung anong nakikita na rin sa mismong larawan. Kaya ang pagdating sa mambabasa ay laging sunuran, kung saan madalas na mauuna ang biswal at susunod ang tekstuwal na pagpapaliwanag sa ibaba, o ang idea ng biswal bilang ilustrasyon ng tekstuwal o kabaliktaran. Ibang-iba ito sa “kulam komiks” na ang teksto ay gumaganap, hindi bilang isa pang elementong pangsusog, kundi bilang “tunog” na nanggagaling mismo sa imahen, mga pagsambitla ng larawang tauhan, anupa’t ang teksto at biswal ay dumarating nang halos magkasabay sa pandama ng mambabasa, at dapat intindiing “sabay” ng mambabasa nang hindi umaasa sa tulong ng isa pang tekstong tagapapaliwanag.

Iba ang ganitong danas sa pagbasa sa pakikinig sa isang aktuwal na taong nagsasalita sa iyong harapan. Dito sa huli, ang tunog na narinig buhat sa nagsasalita, kadalasan, ay napakadaling ipaari sa taong narinig na nagsalita. Na ang mga salitang narinig ay galing nga rito, maliban kung may isang nagdidikta pala sa kaniyang mga sinasalita.

Iba rin ang “pakikinig” sa mga tauhan sa mga pelikula at dula. Sapagkat sa dalawang ito, lalo’t kung realistiko ang pagkakatampok sa mga tauhan, ang mga nagsasalita ay “mapagkakatiwalaan” pa rin bilang mga pinanggagalingan ng kanilang mga pagsambitla, sapagkat hindi nagtatawag sa kanilang pagiging mga representasyon (wala silang binibigyang representasyon na siyang tunay na pinagmulan ng kanilang mga salita).

Hindi ganito ang “pakikinig” sa mga tao sa komiks ni Rizal, dahil ang mga tao sa komiks ni Rizal ay laging mananatiling larawan ng mga tao, at kakatwang mga larawan na malayo sa realistikong paraan ng pagguhit ng tao. Kung kaya ang mga pagbigkas na nagaganap sa loob ng mga kahon ay nananatiling nakalutang, i.e. hindi ito maipapaari sa isang tiyak

na tagapagsalita na maaasahan nating isang tiyak na taong maaari nating makilala. May tauhang nagsasalita sa komiks, ngunit laging may isa pa (na hindi nakikita) na nagsasalita sa likod ng metalarawan ng tauhang ito. Maaaring si Rizal bilang punong ventriiloquist, o iba pang mga hindi nakikitang tagapagsalita na tanging si Rizal lang ang nakakakita, at isinasali niya sa usapang nagaganap sa kaniyang munting palabas. O maaaring si Rizal bilang mangkukulam o bilang *sagaz curandero* na nangunguna sa kaniyang palabas, na sa bisa ng kaniyang kulam/palabas ay nagagawang pagalawin at pagsalitain ang mga walang buhay na manyika ayon sa diskurso at kuwentong nais niyang maisaganap. Dahil dito, ang pakikinig sa mga tauhan ni Rizal ay laging magiging tila pakikinig din sa isang nakukubabawan ng kulam; na sa panahon ng eksorsismo, ang paghihinagpis, pagbabanta, at pagmamakaawang lumalabas buhat sa bibig ay hindi na galing sa kinukulam kundi sa mangkukulam, sa “manggagaway na siyang nagsasalita, na siyang nakadarama, na siyang nakakikita, sa loob ng kinukulam” (*La manggagaway es la que habla, a la que siente, la que vé, etc., dentro de la enferma*) (Rizal [1961] 351, sariling salin).

Tulad ng naunang nabanggit tungkol sa tanong-sagot, sentral sa ritwal (at espektakulo) ng eksorsismo ang sapilitang tanong-sagot sa kinukulam/mangkukulam. Kung saan ang unang tanong madalas ay may kinalaman sa pagtatanong at pagsabi ng pangalan at iba pang paraan ng identipikasyon. Nakasalalay ang tagumpay ng ritwal sa pagpapalagay na nakakausap nga ang mangkukulam kahit wala ang pisikal na presensiya nito sa harap ng kumakausap. Ngunit para kay Rizal, walang silbi ang pag-uusap o tangka sa pag-uusap ng albularyo sa manggagaway: “Walang silbi ang mabubuting salita; ang paggamit ng latin sa eksorsismo na gaya ng laganap noong Edad Medya ay walang kapararakan kapwa sa albularyo at manggagaway” (*Las buena palabras no sirven; los exorcismos que tan en boga estaban en la Edad Media están en latín para manggagaway y curanderos, así es que tienen que recurrir a lo más primitivo...*) (Rizal [1961] 351, sariling salin). Sa ganitong paggana, kailangang bumaling sa mas primitibong paraan ng paggamit ng rattan at buntot pagi; gumagamit ng mga bagay kapalit ng salita.

Hindi ito nalalayo sa katangian ng komunikasyong meron sa panulat at larawan, na sinasabing may tinig, gaya ng mga imahen sa komiks. Ngunit kahit “nagsasalita” ay hindi naman makausap. Ganito ang naging reklamo ni Sokrates kay Phaedrus tungkol sa panulat, na punto nga ng kaniyang paghahambing sa panulat at larawan, na “ang mga larawang likha ng mga pintor ay humaharap sa atin na parang mga taong buhay, ngunit kapag nagtanong ka sa kanila, ay mananatili sila sa kanilang marilag na katahimikan...” (*The painter’s products stand before us as though they were alive [hōs zōnta], but if you question them, they maintain a more majestic [semnōs] silence...*) (“Phaedrus” ni Platon, kay Derrida 136, sariling salin).

Lubhang mahalaga kay Sokrates ang galaw ng tanong-sagot sapagkat nakasalalay rito ang tunay na lunas sa sakit, dahil ang tunay na sakit na dapat bigyang lunas ay takot sa kamatayan—“Ang takot sa kamatayan ang siyang nagbibigay kapangyarihan sa lahat ng kulam at lahat ng tambal” (*The fear of death is what gives all witchcraft, and all occult medicine, a hold*) (Derrida 120, sariling salin). Dahil ang takot na ito’y gaya raw ng mga malignong panakot sa mga bata, kailangang pag-ibayuhin ang mga dasal upang mapalayas ang takot mula sa dibdib ng bata (na gaya rin ng payo ni Rizal). Ngunit tanong ni Simmias kay Sokrates, “Saan kukuha ng isang salamangkerong nakauunawa sa inihahatol na dasal?” (*What you should do, said Sokrates, is to say a magic spell over him every day until you have charmed his fears away. –But, Sokrates, said Simmias, where shall we*

find a magician [epōdon] who understands these spells now that you are leaving us?) (121, sariling salin).

Wala sa mga lumilikha ng mga panibagong takot at guniguni ang lunas, ayon kay Sokrates. Ang kontrakulam, ang eksorsismo, ang tunay na gamot ay *diyalektika* at walang ibang bagay na dapat pakahanapin kundi ang kasanayan sa sining nito (121). Sa kasawiang-palad, para kay Platon, hindi nag-aalok ng tunay na diyalektika ang panulat at larawan, maging ang mga usapan sa loob ng komiks. Maaaring may nagaganap na pakikipag-usap ng isang tauhan sa iba pang tauhan (gaya ng panel kung saan magkakarap si Caeng at ang babaeng umiinsulto kay Caeng), o pakikipag-usap ng tauhan sa kaniyang sarili (gaya ng nasa pang-apat at panghuling panel), ngunit ang mga ito’y simulasyon lamang ng pakikipag-usap. Hindi diyalektika ngunit representasyon ang mga ito—mga kopya ng kopya.

Sa ganitong paggana ng komiks, nabibigyan ang mangkukulam/aswang ng isang metaporikal na uri ng tekstuwalidad. Anong bisa, anong hiwaga, at anong bangis ngayon ang nalalabi rito sa ganitong pag-iral/pagsasakatawan sa komiks at panitikan? May pag-angat ba o pagbaba sa kaniyang halaga? May mababanaag na sagot ang ganitong paglagom ni Derrida sa reklamo ni Sokrates:

Anong malalim na paghahambing ang batayan ng pahayag ni Sokrates sa pagtutulad ng panulat at larawang sining? Mula saang abot-tanaw nagmumula ang kanilang magkatulad na katahimikan, ang pagmamatigas bilang pipi, ang kanilang pagpapakita ng rilag at kataimtiman sa ganitong pagmamatigas, na malamyang nagkukubli sa di-malunasang aphasia, sa matinding pagkabung, isang pagsasarang walang pag-asang magpaunlak sa mga hinihingi ng *logos*? Kung kapwa ipinatatawag ang panulat at larawang sining, kapwa nakagapos ang mga kamay habang inihaharap sa hukuman ng *logos*, at para sagutin ito, dahil kapwa sila nakailalim sa interrogasyon: bilang mga ipinagpapalagay na kinatawan ng salitang pabigkas, bilang mga nakapagsasalita, mga depositoryo at tarangkahan ng mga salita na pinipiga mula sa kanila ng korte. Kung hindi sila sasaksi sa naturang pagdinig, kung wala silang kakayahang katawanin nang maayos ang buhay na salita, umaktong tagasalin nito o tagapagsalita, upang mapanatili ang kumbersasyon, upang sumagot sa mga oral na katanungan, ay pak! mga walang silbi. Pawang mga maskara, pigurin, at simulacra.

(What, in depth, are the resemblances underlying Socrates' statements that make writing homologous to painting? From out of what horizon arise their common silence, their stubborn muteness, their mask of solemn, forbidding majesty that so poorly hides an incurable aphasia, a stone deafness, a closedness irremediably inadequate to the demands of logos? If writing and painting are convoked together, summoned to appear with their hands tied, before the tribunal of logos, and to respond to it, this is quite simply because both are being interrogated: as the presumed representatives of a spoken word, as agents capable of speech, as depositories or even fences for the words the court is trying to force out of them. If they should turn out not to be up to testifying in this hearing, if they turn out to be impotent to represent a live word properly, to act as its interpreter or spokesman, to sustain the conversation, to respond to oral questions, then bam! they are good for nothing. They are mere figurines, masks, simulacra.) (136, sariling salin)

Sa pagpapatuloy ni Derrida sa kaniyang talakay, matutunghayan pa ang mas sistematikong pagpapasubali niya sa batayan ng paghahambing ni Sokrates at/o ni Platon sa panulat at larawan. Ngunit kahit pa sa talatang ito lang manatili ang tuon, nahihiwatig pa rin ang simpatiya ni Derrida sa dalawang ipinagpapalagay na mga walang silbi. Sapagkat sa dalawang ito niya inilaan ang tropo ng pagiging mga bilangong hindi palulupig sa interrogasyon. Walang impormasyong mabubunyag buhat sa kanila. Walang kumpisalang magaganap. Hindi nila kakailanganin ang pag-abswelto ni Padre Totanes. Hindi nila bibigyang liwanag ang mga pagdududa sa isip ni Padre Alcina. Wala silang ipaliliwanag kay Dr. Bernheim isailalim man sila sa hipnotismo. Nakasara ang dalawang bilanggo sa hiling ng diskurso sapagkat ang diskurso ay mapaniil. May katotohanang sinasabi ang *simulacra* ngunit hindi ito ang katotohanang inaasahan sa kanila ng makapangyarihang *logos*.

Hindi nalalayo sa ganitong predikamento ang bruha sa bayan ng “B” ng Laguna sa kuwento ni Rizal, sapagkat sadyang mahirap hulihin ang bruhang ito saang loob man ng kahon ito pagsikapang ikulong, kahit pa nasukol din sa wakas (sa tinagal-tagal) ang kawawang nilalang doon sa kaniyang selda kung saan siya ibig na panatilihin ng taumbayan. Ang selda na marahil ang pinakanababagay na kahon para sa kaniya; ang mailap na pinaghahanap ay nasa ilalim na ng disiplina at pagsubaybay ng pamahalaan. Sa kuwento pa rin ni Rizal tungkol sa kasong ito, “nang mamatay ang kinulam matapos ang isang linggong pinagdaanang matinding hirap, ang manggagaway na di nakatakas sa mga muhing-muhing kaanak ng namatay ay dinakip ng gobernadorcillo at sinentensiyahan ng limampung latigo araw-araw” (*Esta murió a la semana entre dolores atroces, y la manggagaway que se salvó a duras penas de la ira de los parientes fué condenada por el Gobernadorcillo a recibir cincuenta azotes diarios*) (Rizal [1961] 350, sariling salin).

Kakatwa ang panghihimasok ng gobernadorcillo sa sitwasyong ito. Kung may historikal ngang batayan ang salaysay na ito ni Rizal—sapagkat gaano ngang mapagkakatiwalaan ang alaala ng isang alaala ng kabataan?—ipinahihiwatig ditong ang kulam ay sakop din ng hurisdiksiyon ng pamahalaang sibil. Ngunit batay sa anong kriminal na kaso? Anong legal na salalayan ang kinakailangan upang ituring itong krimen na mapapatawan ng parusang tulad ng ipinapataw sa mga karaniwang kriminal?

May Ingkisisyon na gumaganap sa ganitong gawain sa layuning mapanatili ang kadalisayan ng pananampalataya ng simbahan sa mga kolonya. Sa pangunguna ng audiencia ng Mexico, itinatag ito sa Pilipinas noong 1 Marso 1583, ngunit nanatili lamang ito sa pangangasiwa ng komisaryo at walang anumang hiwalay na hukuman itong naitaguyod sa kapuluan sa kadahilanang ang hukumang ito’y para lang sa mamamayan ng España, at lubhang maliit ang populasyon ng mga Kastilang residente ng kolonya upang mabigyan ng priyoridad (Cunningham 421).¹² Dahil dito, hindi nakapagtataka ang kawalan ng mga naratibo ng paglilitis sa mga pinaghihinalaang mangkukulam sa pangunguna ng mga ingkisor, na tulad ng mga naratibong malaganap sa Europa sa panahon ng paring si Torquemada.

12 Sa isang personal na pakikipagtalakayan, ipinaliwanag sa akin ng historyador na si Danilo Gerona na hindi ginamit ng mga Kastila ang paraan ng Ingkisisyon sa bansa sapagkat hindi sila naniniwalang may tamang disposisyon sa pag-iisip ang mga katutubo upang magkaroon ng kapasidad na harapin ang ganitong uri ng paglilitis (2014).

Kung tutuosin, bihira nga ang mga kuwento tungkol sa mga dinakip at ikinulong dahil sa panggagaway. Bukod kay Rizal, ang ganitong halos katulad na kuwento ay mababasa lang din sa tala ni Padre Alcina tungkol sa mga bruhong nagpapalit-ano upang maging buwaya. Isa na rito ang katutubong isinumbong ng mga tagaroon dahil naringgan sa tabing-ilog na pinag-uusapan, kasama ng maliliit na anak, ang tungkol sa mga taong kanilang kakainin. Ipinadala ng pari ang mag-ama sa kabilang bayan upang mailayo sa mga kapitbahay na nais manakit sa kanila. Kalaunan, nahuli rin ang katutubong ito at nabilanggo, ngunit sa salang pagnanakaw at hindi panggagaway (Alcina 365-366).

Hindi nakagugulat kung biglang sabihin ni Alcina ang ibinintang sa katutubo ay pagnanakaw ng bigas at mangga. Hindi sila mga pilibustero o erehe na napapariwara sa mata ng batas dahil sa kanilang mga ligaw na kaisipan. Napapahamak sila dahil sa mga usapin ng bigas at mangga. At tila sa ganitong paraan nga naipapakulong ang mga bruho at manggagaway—na sila’y naaakusahan ng ganitong mga kriminal na paglabag, at damay na lang ang kanilang pagiging mga alagad ng kadiliman sa parusa.

Sa pagkakakulong na kinauwian ng katutubo, makahulugan ang binitiwang palagay ni Alcina sa pagtatapos niya sa kaniyang kuwento: “Nadakip ang nasabing katutubo makalipas ang ilang taon, at nakulong dahil sa salang pagnanakaw. Kung batid niyang baguhin ang sariling anyo, walang dudang gagawin niya ito upang mapalaya ang kaniyang sarili kung saan siya ibinilanggo ng kung ilang buwan nang hindi napapatunayan ang kaniyang kasalanan” (*Y al dicho indio años después le imputaron un hurto considerable y estuvo preso; y, si supiera transformarse, no dudo lo hubiera hecho por librarse de un cepo donde lo tuveiron muchos meses sin probarle cosa*) (367, sariling salin).

Estoiko ang paring misyonero sa kaso ng katutubo. May simpatiya at paniniwala sa pagiging inosente ng huli habang pinananatili ang sariling distansiya. Sa isang banda, isang predikamentong walang pagsalba din ang nailalarawan dito kung isasaalang-alang na ang kuwento’y tungkol din sa hustisya at kawalan nito. Walang kawala ang katutubo dahil kung tunay itong may lihim na karunungan ay kaya nitong magtransforma at makalaya. Ngunit ang paglaya nito mula sa kulungang pisikal ay katumbas ng dobleng krimen laban sa batas ng gobyerno at batas ng simbahan bilang pugante at aswang. Ngunit kung inosente ito sa panggagaway, mananatili ito sa loob ng kulungan, hindi kayang isalba ang sarili, kaya mananatili sa pagkakakulong, tunay man siyang kriminal o hindi. Walang paglaya at walang pagsalba sapagkat sa kuwentong ito, ang paglaya sa kulungan na malaya rin sa anumang bahid o bintang ay hindi kasama sa posibilidad.

Sa tumbalik na pagsupil sa sobrenatural, nasasalamin ang dominasyon sa mga lahing sinasakop, partikular sa uri ng sistemang penal na pinaiiral ng kolonyal na pamahalaan. Kung paano nitong napapamahalaan maging ang mahiwaga ay magnipikasyon sa kung paano nitong napapamahalaan din ang pang-araw-araw na kolonyang mas madaling makontrol at patawan ng disiplina. Magnipikasyon ito sapagkat ang kulam ay higit ngang mailap at mahirap hulihin. At sa ganito, higit nitong naihahantad ang pagiging absurdo ng buong sistema.

Samantala, ibang daan ang tinahak ng manggagaway sa kuwento ni Rizal. Ibang uri ng pagtakas buhat sa bilangguan: “Sa pangalawang araw ng kaniyang sentensiya, natagpuan siyang nakabitin sa baras ng kulungan gamit ang lubid na yari sa aporo ng sarili niyang saya. Upang mamatay, sinikap ng pobreng babaeng baluktuting maigi ang sariling mga binti dahil mababa ang baras na kaniyang pinagbitinan” (*Mas al segundo día de su*

condena, la encontraron colgada de las rejas de la cárcel mediante una cuerda que había hecho con el forro de la saya. La infeliz, para morir, había tenido que encogerse mucho y doblar las piernas porque la reja tenía poca altura (Rizal [1961] 350, sariling salin).

Hindi pahuhuli nang buhay ang aswang na bruha. Sa kaniyang pagpuga mula sa kulungan at sa buhay na nagsisilbi rin niyang kulungan, hanggang dito’y lumilikha siya ng alingasngas, ng alamat. “Tinulungan siyang magpatiwakal ng demonyo,” ang sabi-sabi ng mga deboto nang makarating sa mga ito ang nangyari (*El diablo la ayudó al suicidio,*” *decían de los devotos*) (Rizal [1961] 350, sariling salin).

Ngunit anupaman ang kanilang sabihin, wala na ang manggagaway sa loob ng kalabosong dapat sana’y huli niyang hantungan. Wala na siya roon. Kinuha na nga ng demonyo.

Mga Sanggunian

- Alcina, Francisco Ignacio, SJ. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands: Evangelization and Culture at the Contact Period*. Isinalin nina Cantius J. Kobak, O.F.M. at Lucio Gutierrez, O.P., U of Santo Tomas P, 2005.
- Boucher, Jean-Christophe at Stéphane Roussel. “From Afghanistan to ‘Quebecistan’: Quebec as the Pharmakon of Canadian Foreign and Defence Policy.” *Canada Among Nations: What Room for Manoeuvre?*, pinatnugutan nina Daudelin, Jean at Daniel, Schwanen, McGill-Queen’s UP, 2007.
- Cunningham, Charles H. “The Inquisition in the Philippines: The Salcedo Affair.” *The Catholic Historical Review*, Vol. 3, No. 4., Catholic U of America P, Enero 1918, pp. 417-445.
- de Noceda, Juan P. at P. Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Pinatnugutan nina Virgilio S. Almario, Elvin R. Ebreo, at Anna Maria M. Yglopaz, Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- de Plasencia, Juan. “Customs of the Tagalogs – Two Relations.” *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. VII, 1588-1591*, pinatnugutan nina Emma Blaire at James Robertson, <https://www.gutenberg.org/files/13701/13701-h/13701-h.htm#doe1500>.
- de Totanes, Sebastian P. *Manual Tagalog Para Auxilio de los Religiosos De Esta Santa Provincia de San Gregorio Magno, de Descalzos de N.S.P.S. Francisco de Filipinas*. Imprenta De Miguel Sanchez Y C., 1865.
- Del Rio, Martin. *Investigations Into Magic*. Pinatnugutan at isinalin ni P.G. Maxwell-Stuart, Manchester UP, 2000.
- Demetrio, Francisco, S.J. *Enclopedia of Philippine Folk Beliefs and Customs*. Vol. 1, Xavier U, 1991.
- Derrida, Jacques. *Dissemination*. Introduksiyon, tala, at salin ni Barbara Johnson. The U of Chicago P, 1981.
- Ferguson, Harvie. *The Lure of Dreams: Sigmund Freud and the Construction of Modernity*. Routledge, 1996.

- Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Ateneo de Manila UP, 2014.
- Gerona, Danilo. Personal na pakikipanayam. Naga City, 17 Mayo 2014.
- Heidegger, Martin. *Being and Time*. Harper and Row, Publishers, Inc., 1962.
- Lieban, Richard W. *Cebuano Sorcery: Malign Magic in the Philippines*. U of California P, 1967.
- Lynch, Frank, S.J, patnugot. *An mga Aswang: A Bikol Belief, Field Reports and Analyses*. Bikol Area Source Collection: Religious Belief and Behavior Series, Volume I, Ateneo de Naga U, 1963. Di-limbag na manuskrito.
- Palma, Rafael. *The Pride of Malay Race, Biography of Rizal*. Isinalin ni Roman Ozaeta, Prentice-Hall, Inc. 1949
- Platon. *The Republic*. Isinalin ni Desmond Lee, Penguin, 1955.
- Ramos, Maximo. *The Aswang Complex in Philippine Folklore*. Phoenix Publishing House, 1971.
- Rizal, Jose. "La Curación de los Hechizados (1895)." *Escritos Varios por Jose Rizal, Segunda Parte*, Tomo 3, Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal, 1961.
- . "The Treatment of the Bewitched." *Miscellaneous Writings*, isinalin ni Encarnacion Alzona, National Historical Commission of the Philippines, 2011.
- Santiago, Luciano. "Rizal and the Beginnings of Philippine Psychiatry, With a Translation of Rizal's 'La Curacion de los Hechizados'." *Acta Medica Philippina*, Vol. 2, Ser. 2, No. 2, Oktubre-Disyembre, 1965.
- Stiegler, Bernard. "Pharmacology of Spirit: And that which makes life worth living." Isinalin ni Daniel Boss, mula sa *Theory After Theory*, pinatnugutan nina Jane Elliott at Derek Attridge, Routledge, 2011.
- Swanson, Guy E. *The Birth of the Gods*. U of Michigan P, 1960.
- UP Diksiyonaryong Filipino: Binagong Edisyon*. Pinatnugutan ni Virgilio S. Almarino. Anvil Publishing, Inc., 2010.
- Veith, Ilza. *Hysteria: a history of a disease*. U of Chicago P, 1965.
- Villegas, Dennis. *Jose Rizal: Komikero*, myrizal150.com/2011/06/jose-rizal-komikero/.